


YPiNQ

Young

People

Quarantine

VOLUME 1



SUPPLIE

MOBILE T

ONLINE RALLY

SAFER IN SOLIDARITY

ACTIVISM NOT TERRORISM



About YPinQ

The Young People in Quarantine (YPinQ) was first organized during the May 28 International Day of Action for Women's Health Campaign in 2020 to engage young people in mobilizing wider support for women and girls' health in the midst of the COVID-19 pandemic and lockdown restrictions. The Women's Global Network for Reproductive Rights (WGNRR) and Young Advocates for SRHR (YAS) launched YPinQ to emphasize that #WomensHealthMatters and #SRHRisEssential in responding to COVID-19, and that it is important to examine the experiences of young people during the pandemic.

The YPinQ provided a fun and safe space for young people as they responded to a series of creative "challenges" like pop quizzes, photo contests, poster making, creative placards contest, essay, opinion and short story writing. They were also supported in building their knowledge and skills through various online learning sessions on sexual and reproductive health and rights (SRHR) and creative skills workshops.

YAS and WGNRR present the Young People in Quarantine Publication, a collection of photos, opinions, essays, short stories, posters and creative placards that highlight the experiences, calls and demands of young people on their health and rights during the pandemic. This book also includes contributions from advocacy organizations and advocates.

What's inside?

Poster

First Place poster in YPinQ 2020 Poster Making Challenge with the theme "My COVID-19 Experience: My Body, My Health, My Rights."

Creative Placards

Best Creative Placards in YPinQ 2020 Creative Placard Challenge with the theme "Ensuring Health and Rights during the Pandemic."

Best Photos

Best Photos in YPinQ 2020 Photo Challenge with the themes "Women and Girls in Quarantine", "Hopes and Worries", and "Hindi Tulad ng Dati".

Essays

Best Essays in YPinQ 2020 Essay Writing Challenge with the theme "The Important Roles of Women and Girls during COVID-19 Pandemic".

Short Stories

Best Short Stories in YPinQ 2020 Short Story Writing Challenge with the theme "Biggest Challenge during the Pandemic".

Opinion

First Place opinion writeup in YPinQ 2020 Opinion Writing Challenge Filipino Category.



The SHE Project

The Sexual Health and Empowerment (SHE) project seeks to empower women and girls to secure their sexual and reproductive health and rights (SRHR) in six disadvantaged and conflict-affected regions of the Philippines.

It will improve knowledge and awareness of sexual reproductive health and rights, particularly among women and girls, including the prevention of gender-based violence (GBV); strengthen health systems and community structures to deliver rights-based comprehensive SRH information and services; and, improve the effectiveness and capacity of women's rights organizations (WROs) and women's movements to advance SRHR and prevent GBV. The SHE project network is composed of 12 organizations:



SHE is undertaken with the financial support of:





The Young Advocates for SRHR

Young Advocates for SRHR or YAS creates spaces for young people's voices and actions for their sexual and reproductive health and rights (SRHR).

YAS is supported by Women's Global Network for Reproductive Rights through the financial support of Global Fund for Women, as part of its Young People Development Programme, which aims to promote young people's leadership in SRHR.

Who are we?

We are young people who believe in a future where all young people are free to exercise and achieve our full SRHR.



What do we do?

We advocate for young people's right to making informed decisions in all matters relating to their sexual and reproductive health, free from discrimination, fear, and violence. We also promote young people's leadership in demanding for this right.

We are peer educators. We are also communicators who use creative methods to raise awareness about our issues and priorities, bust stigma and smash taboos on sexual and reproductive health such as sexuality education, sexual and gender identities and expressions, sex, early pregnancies and abortion.





YAS is supported by:



Contents

Message from YAS 05

Message from WGNRR 06



07 *Paster: My COVID-19 Experience: My Body, My Health, My Rights*

08 *What is SRHR?*

Creative Placard 1: Ensuring Health and Rights during the Pandemic 10

Opinion: Ipaglaban: Hustisya para kay Katherine Bulatao 11



13 *Photo 1: Hopes and Worries*

14 *CHR: Continuing Call for Gendered and Intersectional Responses...*

Creative Placard 2: Ensuring Health and Rights during the Pandemic 16

Essay: Boundless Women Breaking the Bounds of COVID-19 17



20 *Short Story: Yakap ni Mama*

25 *Photo 2: Hopes and Worries*

26 *Essay: Mobilizing Women in a Pandemic-Grappled World*

Short Story: Ang Buwan sa Madilim na Kalangitan 29

Photo 3: Hopes and Worries 34

Essay: Superwomen vs. Pandemic 35



37 *Photo 4: Hindi Tulad ng Dati*

39 *Under Quaran-Praning*

52 *Photo 5: Women and Girls in Quarantine*

Photo 6: Women and Girls in Quarantine 54

SRH Services Directory 55

Editorial and Publication Team 58





Message from YAS :)

Even before the pandemic, we, young people, have been affected by the myriad of challenges to our sexual and reproductive health and rights (SRHR) in terms of access to information and services. On the onset of the pandemic, the inaccessibility of SRHR information and services were exacerbated along with many other existing social inequalities. Many young people may not be empowered enough during this health crisis to claim their right and decide for their own body.

Brought together by WGNRR and YAS, this publication illustrates that despite the challenges brought by the pandemic, young people in quarantine can still meaningfully participate in responding to COVID-19 through voicing out and highlighting our stories, calls and demands creatively. Together with the advocates who continue to work tirelessly to amplify our calls that there should be no lockdown on rights, we wish to pay homage to the young people and young advocates facing different challenges brought by the pandemic.

YAS and WGNRR present the Young People in Quarantine Publication, a collection of photos, opinions, essays, short stories, posters and creative placards that highlight the experiences, calls and demands of young people on their health and rights during the pandemic.



xoxo,
YASmates <3





Message from WGNRR


Kumusta? Nagagalak kaming maibahagi sa inyo ang Young People in Quarantine. Ang YPinQ ay koleksyon ng mga kwento, opinyon, guhit, at larawan ng mga kabataan hinggil sa kanilang kalusugan at mga karanasan nitong pandemya.

Mahalagang mabigyan ng pagkakataon ang mga kabataan na maibahagi ang kanilang mga saloobin at karanasan tungkol sa mga isyu na direktang nakakakaapekto sa kanila at kanilang mga komunidad. Lagi't-lagi, kami sa WGNRR ay naghahanap ng mga malikhaing at ligtas na mga espasyo at oportunidad para sa kanilang makahulugang partisipasyon. Ang YPinQ ay isinagawa online—may mga pop quiz at pa-contest sa pagkuha ng larawan, mga pagsusulat, at pagguhit—habang sinusupportahan ang mga kalahok na madagdagan ang kanilang kaalaman hinggil sa sexual and reproductive health and rights at mas mapahusay ang kanilang creative skills.

Ang YPinQ Publication na ito ay inilimbag kasama ng mga kabataan at para sa mga kabataan. Gayundin, ang YPinQ ay inilimbag upang maabot ang mga nasa katungkulan, mga institusyon, at mga organisasyon upang kagyat na bigyang pansin at aksyunan ang mga panawagan para sa kalusugan at kaligtasan ng mga kabataan, kababaihan, at iba pang mga vulnerable at marginalized groups.

Ang YPinQ ay patunay ng kakayahan ng mga kabataan na suriin ang sitwasyon at pangangailangan nila at ng kanilang mga komunidad. Sana mula sa kanilang mga likha tayo ay matuto at mapukaw para agaran at sama-samang umakosyon para matiyak ang mga karapatan ay makamit, mga serbisyong pangkalusugan ay maibigay, at lahat ng porma ng karahasan laban sa kababaihan at kabataan ay matigil.





First Place

YPinO 2020 Poster Making Challenge with the theme "My COVID-19 Experience: My Body, My Health, My Rights," by Angelo Pagulayan

What is SRHR?

Sexual and reproductive health and rights are anchored in human rights that recognize all individuals' right to make decisions about their bodies and to have access to services and support for this right.

“Sexual and reproductive health is a state of physical, emotional, mental, and social wellbeing in relation to all aspects of sexuality and reproduction, not merely the absence of disease, dysfunction, or infirmity.”

Realization of sexual and reproductive rights of all individuals such as right to bodily autonomy, freely defining their own sexuality, including sexual orientation and gender identity and expression, deciding where and to be sexually active, choose own's sexual partners, have safe and pleasurable sexual experiences, decide whether, when, and whom to marry, decide whether, when, and by what means to have a child or children, and how many children to have; have access to information, resources, services and support necessary to achieve these rights, free from discrimination, coercion, and exploitation— help achieve sexual and reproductive health.

A human rights-based approach in sexual and reproductive health and rights of young people are important so that they are empowered to claim these rights, and understand their right to bodily autonomy. This also means that governments and institutions should ensure that programs and policies are responsive to the SRHR needs of young people.



Reference:

Starrs, A., et al. (2018). Accelerate progress-sexual and reproductive health and rights for all: report of the Guttmacher-Lancet Commission. *The Lancet*, 391: 2642-92.

TAKE ACTION!

TOGETHER, LET US MOBILIZE, ASSERT OUR RIGHTS, CALL ON OUR GOVERNMENT AND HOLD THEM ACCOUNTABLE IN ENSURING YOUNG PEOPLE'S SEXUAL AND REPRODUCTIVE HEALTH AND RIGHTS REMAIN ESSENTIAL DURING THIS PANDEMIC!



ADOLESCENT- AND YOUTH-FRIENDLY SEXUAL AND REPRODUCTIVE SERVICES AND COMPREHENSIVE SEXUALITY EDUCATION SHOULD BE ACCESSIBLE EVEN DURING THE TIMES OF EMERGENCY/CRISIS, AND THAT YOUNG PEOPLE ARE EMPOWERED TO ACCESS THESE SERVICES.

LOCKDOWN PERIOD SHOULD NOT MEAN DISRUPTION OF ESSENTIAL SEXUAL AND REPRODUCTIVE HEALTH SERVICES. THE GOVERNMENT MUST ENSURE WOMEN'S AND YOUNG PEOPLE'S TIMELY ACCESS TO NECESSARY AND COMPREHENSIVE SEXUAL AND REPRODUCTIVE HEALTH SERVICES DURING THE CRISIS.

THE GOVERNMENT MUST ENSURE THAT HUMAN RIGHTS ARE RESPECTED AND PROTECTED DURING THE LOCKDOWN PERIOD BY FOCUSING ON SAFETY AND HEALTH FOR ALL AND ADDRESSING THE SOCIAL INEQUALITIES BROUGHT ABOUT BY THE PANDEMIC.

COVID-19 EXACERBATES GENDER-BASED VIOLENCE. THE GOVERNMENT SHOULD ENSURE THAT YOUNG PEOPLE ARE EMPOWERED TO AVOID EXPLOITATION DURING CRISES, INCLUDING ENSURING ACCESS TO HOTLINES TO REPORT FORMS OF VIOLENCE ARE IN PLACE AND SAFE HOUSES ARE AVAILABLE AND SUPPORTED.



Best Creative Placard

YPinO 2020 Creative Placard Challenge
with the theme "Ensuring Health and
Rights during the Pandemic," by
Dhenille Cadayona

Ipaglaban: Hustisya para kay Katherine Bulatao*


ni Ramon Carlos Garcia, 17

Hindi kailanman magiging tama ang pagsasawalang-bahala sa kalusugan ng kababaihan at ang pagpayag na malagay sila sa anumang peligro. Hindi makatao ang pagpapabaya sa biktimang si Katherine Bulatao na namatay matapos tanggihan ng anim na ospital at maubusan ng dugo. Nararapat lang na ipaglaban na mabigyan siya ng makatarungang hustisya.

Noong ika-22 ng Mayo ng nakaraang taon, nagbigay ng pahayag si Jan Christian Bulatao tungkol sa pagkamatay ng kaniyang asawa matapos siyang hindi asikasuhin ng anim na ospital dahil sa kawalan ng suplay ng dugo, kakulangan ng pasilidad, at kawalan ng obstetrician. Tinanggihan din sila ng Bermudez Polymedic Hospital dahil sa kawalan ng gamit pang-opera. Hinigan din sila ng downpayment na Php30,000 sa isa sa mga ospital na napuntahan nila. Ayon kay Jan Christian, pinagbayad pa sila ng parking at siningil ng Php4,000 para sa personal protective equipment ng isa sa mga ospital gayong hindi naman na-admit ang pasyente.

Ang mga ito ay patunay lamang na noon pa man, dapat pinagtuunan na ng pansin ang ating sistemang pangkalusugan, lalo na ang mga serbisyo para sa mga kababaihan na madalas napagkakaitan nito. Nararapat lamang ang nais ni Jan Christian na tulongan siya ng pamahalaan na magpasa ng reklamo laban sa mga ospital na tumanggi ng pasyente sa gitna ng quarantine. Batay sa anti-hospital deposit law, bawal humingi ng downpayment ang mga ospital. Bawal din silang tumanggi sa pasyenteng walang kakayanang magbigay nito. Nakadidismayang isipin na kung nabigyan lamang ng kaukulang atensiyong medikal si Katherine, sana ay may isang buhay pa ngayon na maligayang nasisilayan ang kaniyang anak na bagong silang.

Kung gayon, nararapat din lamang na bigyan ng aksyon ang ganitong isyu nang sa gayon ay wala nang buhay ang malagay pa sa panganib. Nararapat ding magkaroon ng mas maraming pag-aaral na pang-medikal upang mapunan ang mga pagkukulang ng mga pagamutan lalo na sa paghahandog ng serbisyo sa kababaihan, lalo pa at ayon sa global research ng pahayagang The Guardian, maraming sakit ng kababaihan ang hindi nagpag-aaralan sapagkat mas mababa pa sa 2.5 porsiyento ng publicly funded research ang nakatuon sa reproductive health. Isa itong indikasyon na hindi gaanong napagtuunan ng pansin ang ilang pangangailangang medikal ng kababaihan.



Nawa'y sa pamamagitan ng malagim na trahedyang sinapit ni Katherine ay magising na ang mga nahihimbang na opisyal ng pamahalaan. Sana ay bigyan na nila ng importansya ang sektor ng kalusugan at hindi lagi ituon ang kanilang pansin sa industriyalisasyon. Kung hindi ito gagawin,

hindi imposibleng magkaroon pa ng rason ang mga ospital na tanggihan ang mga pasyente dahil lang sa kulang sa pasilidad o kagamitan.

Gayunpaman, nakalulungkot isipin na nangyayari ang mga ganitong insidente at patuloy na dumarami ang mga napababayaan kung kailan kasasapit lamang ng International Day of Action for Women's Health—isang linggo matapos ang pagkamatay ni Katherine. Subalit, ito na rin ang pagkakataon ng kababaihan—at ng lahat—na ipagsigawan na ang maayos na sistemang pangkalusugan at pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan na para sa lahat ay hindi dapat kailangang hingin pa. Sa halip, ito ay dapat magarantiya ng pamahalaan sa lahat dahil ito ang siyang karapat-dapat.

Sa puntong ito, ang pagpapabaya sa anumang karamdaman ay isang aktong hindi makatao at nararapat bigyan ng makatarungang hustisya tulad ng nangyari kay Katherine. Upang matigil ang ganitong sitwasyon, nararapat lamang na ayusin at bigyang lunas ang matagal nang problematikong sistemang pangkalusugan ng bansa na mas pinalalala pa ng pandemya. Kailangan ding tungang maka-access ang mga ordinaryong kababaihan sa mga serbisyong pangkalusugan.

Hindi pa huli ang lahat upang punan ang mga pagkukulang at kung sakaling may naagrabado, huwag sanang matakot ang mga mamamayan na ipagbigay-alam ito sa sinauukulan. Nararapat lang na iparinig natin ang ating mga hinaing, ipaglaban ang ating karapatan, at igiit ang hustisyang naipagkakait sa atin.

* In April 2020, a woman who gave birth in the midst of the pandemic and lockdown restrictions died of blood loss after being turned away by six hospitals. One hospital even asked for a down payment of Php30,000 despite the fact that hospitals are prohibited from demanding down payment from patients according to the anti-hospital deposit law. Advocates including young people took a stand against this injustice and demanded to ensure that #WomensHealthMatters even during a pandemic. In this winning opinion piece during the Young People in Quarantine Challenge Opinion Writing Contest Filipino Category, First Placer Ramon Carlos Garcia calls for justice for the death of Katherine Bulatao.



Into the Market of Hopes and Worries



During this time full of worries, some of us cannot solely depend on the support coming from the government. Risky it may be, some people are finding ways to support their families and hoping that what they earn will be enough for their daily expenses

-Billy Joe Peralta, 23



CHR: Continuing call for gendered and intersectional responses and the Role of Young women and Girls in Achieving Generation Equality Amidst Crisis

K.S. Twyla A. Rubin

Women and girls are disproportionately affected during pandemics. In particular, women and girls who face multiple forms of inequalities due to disability, sexual orientation, gender identity, age and ethnic minority may be even more vulnerable. Health crisis compound existing gender inequalities and increase risks of gender-based violence and sexual exploitation and abuse. The pressure to respond to COVID-19 may disrupt care and support for GBV survivors, and referral networks and access to justice in cases of GBV may be disrupted.

As Gender Ombud under the Magna Carta of Women (RA 9710), and as the country's national human rights institution, the Commission has consistently stressed the importance of ensuring gender responsive and intersectional interventions to COVID-19, the period of early recovery and new normal. In our Gender Ombud Situationer for 2nd and 3rd Quarter of 2020, we identified and stressed the following issues: the disproportionate impact of the crisis on women and girls and persons of diverse sexual orientation, gender identity, expression and sex characteristics (SOGIESC), how initial government responses failed to take into account needs of women and girls and how gender was not mainstreamed in the government's response, including failure to address specific health needs; the acute economic impact of the pandemic and the new normal on women and LGBTQI persons who are overly represented in the informal economy; the resulting multiple burden on women and girls including increased unpaid care work and the burdens of online schooling; how women and girls, and communities previously marginalized and vulnerable are rendered even more vulnerable and at risk – here we highlight increased vulnerabilities experienced by urban poor women, women with disabilities, women left behind by the war on drugs, women fisherfolks and women and girls at risk of trafficking, women in detention, internally displaced women, indigenous women, women and LGBTQI human rights defenders.

Other issues highlighted by the Commission include the alarming decrease of Gender-Based Violence (GBV) reporting and accounts of breakdown of referral mechanisms during the period of lockdown. For instance, comparing PNP data from March to May 2019 with March to May 2020, a drop of 56.97% of reported VAWC (RA 9262) cases would be noticeable. The Commission sees this as reflective of the many barriers to reporting during the period of crisis. The Commission further raised the issue of information gaps in government assistance and services, complaints of exclusion from the government's social amelioration program, and stigma and discrimination against health workers and COVID positive patients. Despite these, the Gender Ombud Situationer also highlighted stories of solidarity and resilience, of community women and organizations helping each other, responding to the crisis collectively like Power in Her Story, Babayenihan, ARVayanihan, and Lunas Collective.

It is clear for the Commission that the COVID-19 crisis deepened pre-existing vulnerabilities and inequalities. It is also clear that to ensure gender equality and the protection of women and girls' human rights and the rights of marginalized groups during this crisis, that the Commission has to continue advocating for the mainstreaming of human rights in the midst of crisis and recovery, ensuring access to protection services, continue advising the government. In response to the crisis, the Commission developed online reporting portals that ensure remote access to remedies even during lockdown.

The Commission, through its Gender Equality and Womens' Human Rights Center also developed creative and participatory ways to document and monitor human rights situations of marginalized groups. The Community Based Peer Monitoring with Women with Disabilities highlight women with disability's leadership in their community – they themselves monitor human rights situation of peers, document gaps, and recommend urgent and strategic actions. The Kwentong Kababaihan series documented lived experiences of marginalized women, documenting the impact of the crisis in their own words – making the Commission's Gender Ombud Situationer grounded and filled with voices of women and other marginalized groups.

As the crisis continues, and as the country moves on to recovery and the issue of vaccination, it is important to remain vigilant. The recommendations the Commission previously forwarded in our Joint Memorandum Circular and our Situationer report remain relevant – that government should ensure that gender is mainstreamed in Government's response, that GBV response should always form part of Government interventions, that responses should remain intersectional – that is, recognizing the various and multiple vulnerabilities of women and girls because of their identities and/or their context. We have also previously stressed the importance of women, girls, LGBTQI, and other marginalized groups' participation in the planning of responses, of the need to address women's and girls' health needs, and of ensuring access to information and services especially for the most vulnerable.

While it is the Government's obligation to respect, protect and fulfill women, girls, and LGBTQI rights, as advocates, young women and girls can contribute in achieving the goal of gender equality and full enjoyment of rights. Young women and girls can call out the government and ensure that obligations are fulfilled, they can conduct community based/peer monitoring – documenting and reporting stories on the ground, they can create safe spaces in the community for survivors of GBV and of women and girls facing difficulties. They can help by in responding and reporting of cases, referral to services, and even as simple as taking time to listen and empathize. They can collectively work together to empower more women and girls. As Gender Ombud, the Commission knows we can never achieve our goals of generation equality without the empowerment of women and girls in all their diversities.



About CHR

The Commission on Human Rights (CHR) is an independent National Human Rights Institution (NHRI) created under the 1987 Philippine Constitution, established on 05 May 1987 by virtue of Executive Order No. 163.

The Commission is mandated to conduct investigations on human rights violations against marginalized and vulnerable sectors of the society, involving civil and political rights.

CHR is an "A" accredited NHRI, fully complying with the Paris Principles adopted by the United Nations General Assembly in 1995. As an NHRI, the Commission upholds six fundamental characteristics — independence, pluralism, broad mandate, transparency, accessibility, and operational efficiency.

The Commission commits to deliver prompt, responsive, accessible, and excellent public service for the protection and promotion of human rights in accordance with universal human rights principles and standards.

Website: chr.gov.ph



Boundless Women Breaking the Bounds of COVID-19

by Cristina Maniago, 19

"There is no limit to what we, as women, can accomplish." – Michelle Obama

Even before the COVID-19 began spreading and affecting the lives of millions of people, women from around the world have already been playing significant roles and taking big responsibilities not only in the field of health but also in other areas. With their excellence in various fields including business, education, and government, women have provided the glue that has, for the longest time, kept society intact. Now that the battle against the virus is ongoing, their roles have undeniably gained more significance for they have helped create a safe environment not only as mothers and sisters in their households, but more so in their respective communities as educators, volunteers, members of the labor force, social workers, nursing providers, and leaders. As Michelle Obama said, no limitations, even a pandemic like this or the society's oppressive gender stereotypes, shall stop women from carrying out what they can and have to do. Now more than ever, people shall see and recognize that women's multiple roles cannot be overlooked. Instead, they should be recognized for women play critical functions in our fight against this deadly pandemic.

Women as heads of households

The current health crisis has generally shown the strength of mothers. Challenging the normative concepts of women sticking to their homes while being so selfless and unconditionally devoted to their motherly duties, many mothers of today are juggling work and motherhood and trying hard to support their own families by securing food, resources, and producing income while still fulfilling their duties at home.

According to the United Nations' Women Watch, women take the lead in helping their families cope with changes. This is true for Roeyna Famisaran, a 28-year-old government employee and a first-time mother. In her essay published in the *Philippine Daily Inquirer*, she shared how, with the changes brought by the pandemic, she has had to step up by performing extra tasks and taking on more responsibilities as a parent. She talked about her struggles while taking her newborn child to the clinic amid the pandemic. She also had to face the stressful process of securing home supplies and other needs in the middle of a health crisis. This goes to show how much pressure women face at a time like this.

Women as educators



Since most schools are still closed and learning now takes place inside homes, women in the households, be it mother or sister, have taken on the role of educators who facilitate homeschooling. These women are now in charge of supervising children as they work on their modules and attend their online classes.

In an article, Francisco (2020) presented how Audrey Zubiri, the author of "Mama Diaries" in the *Philippine Daily Inquirer* and a mother of three, adjusted to learning different educational platforms to keep up with the changes concerning her children's education. Meanwhile, in Malabon City, mothers participated in the E-Nanay Tutorial Project last October 2020, which aimed to equip them with the necessary skills to deal with the changes in how their children are learning (*Philippine Daily Inquirer*, 2020).

Women as labor force members, volunteers, and social workers

Despite the challenges brought by the pandemic, some women have managed to thrive by starting businesses and taking new opportunities while still making a difference in their respective communities.

Parcado (2020) shared the story of a businesswoman from Koronadal City who transitioned from running a coffee shop to helping others stay safe despite risking her safety. Charmaine Ladot, 40, is among the millions of business owners in the Philippines who were affected by last year's lockdowns. Acknowledging her loss as a business owner, she decided to allocate her energy to helping others combat the unseen enemy by founding a group called Help to Counter COVID-19, which later helped provide the needs of frontliners across South Cotabato. She and her team were able to distribute personal protective equipment, disinfectant mist sprayers, other goods, and cash to their beneficiaries. They also provided counseling to mothers and young girls, teaching them how to stay mentally healthy. Ladot is just one of the many women entrepreneurs and volunteers who responded to the challenges caused by the pandemic by extending her hands to those who need them.



Award-winning actress Angel Locsin is another great example of a woman who is known for her initiatives. She has been praised for successfully raising funds for those affected by COVID-19 and for standing behind ABS-CBN amid the battle for its franchise renewal.

Women as leaders

Several women leaders have also stepped up since the pandemic began for the benefit of their constituents. According to an article written by Paille and Croteau (2020), women leaders from countries like Taiwan, Finland, Iceland, and New Zealand have successfully fulfilled their roles as leaders. New Zealand Prime Minister Jacinda Ardern was lauded for closing their borders early and for implementing widespread testing, which helped contain the virus and lower the mortality in their area (Piscopo, 2020). As of March 7, 2021, New Zealand only reported a total of 2,399 cases and 26 deaths. Ardern's immediate actions speak volumes about her qualities as a leader and how such traits have helped their country during a difficult time.

The Philippines also has its own admirable women leaders. One of them is Kabataan Partylist Representative Sarah Elago, the youngest lawmaker in the Philippines, who worked with projects like Tulong Kabataan in the middle of the pandemic and was selected as one of the world's most outstanding politicians representing the youth sector. There is also Vice President Leni Robredo who provided a free job-hunting website for unemployed Filipinos during the pandemic and launched other projects aimed at helping those in need.

Meanwhile, Maria Ressa, who was included in 2020's Bloomberg 50, which is the international media company's yearly list of personalities who helped define the year that was, carried on leading a media company and continued fulfilling her commitment to keeping people informed despite being a victim of harassment and intimidation.

However, it is worth noting that these women's decisions to step up and break barriers have been met with opposition, especially from men like Pres. Rodrigo Duterte. In fact, during the formal opening of the Skyway Stage 3 Project held on January 14, Duterte said that the country's highest elective post is "not for women," noting that women are too emotional for the job. Yet, even before his term, the country already had two women presidents, namely Gloria Macapagal Arroyo, an ally of Duterte, and Corazon Aquino, who appointed Duterte to his first major government post (Ranada, 2021).


Responding to this remark, Cristina Palabay of the human rights group Karapatan said that women are as capable as men. Robredo responded to Duterte's statement as well, referring to it as something that undermines efforts to fight for gender equality.

Women of today have continuously accomplished a lot of things for their respective communities. They have successfully broken the gender stereotypes that have been trying to limit their capacities as individuals. Despite the constraints brought by the COVID-19 crisis, they have mastered the concept of being boundless to provide for the needs of their own homes and communities.

As the celebration of International Women's Day of Action is fast approaching, may we not forget to recognize that women are boundless. They must not be confined to certain images and expectations that prevent them from carrying out what they want and need to do. With that being said, may we also keep in mind that mothers are not required to endure all the painful things thrown at them. They are bound to hit their limits, too. In the same way, we should not normalize women educators wearing their burnout as a badge of honor. They are free to prioritize caring for themselves, too. Moreover, women who are members of the labor force and who are volunteers are not confined to certain jobs. They are free to pursue other opportunities and access other resources as well. Finally, women leaders can aim for whatever leadership position they want to be in. In fact, they can also be presidents.



Cheers to the boundless women who have made a difference and who continue to do so by offering what they have and doing what they can!





Artwork by Sed Belonguel

Yakap ni Mama

ni Dharlene Grefiel, 18

Naglalaro ako ng aking manikang si Emy nang marinig kong nagtatalo si mama at papa sa may kusina. Bahagya akong sumilip sa kanila. Nagbulungan lamang sila ngunit may diin sa kanilang pagsasagutan.

“Hinaan mo ang boses mo at baka marinig ka ni Nini,” bulong ni mama kay papa.

Mas malaki man ang pangangatawan ni papa kaysa kay mama at lalong higit ang kaniyang taas, nagawa pa rin siyang pakalmahin ni mama sa pamamagitan ng saglit na pagyakap sa kaniya.

Natatandaan ko, ganyan din ang ginagawa ni papa sa tuwing umiyyak ako at napapagalitan ni mama. Para tumahan, niyakap niya ako nang sobrang higpit habang hinahaplos ang aking buhok.

Sumulyap muna si papa sa kaliwa’t kanan at saka sinagot si mama.

“Ang sinasabi ko lang naman, Rosa, ay huwag ka nang tumuloy. Dito ka na lamang sa bahay. Madami namang ibang nars sa ospital niyo,” kalmadong turan ni papa.

“Ano ba, Ronald? Alam mo namang may sinumpaang aking tungkulin. Kailangan kong tuparin iyon. Kailangan kami ngayon dahil sa pandemyang kinakaharap natin,” sabi ni mama nang may bahid ng pagmamakaawa.

“Pero delikado nga, Rosa! Paano kung mabiktima ka rin ng sakit na iyan? Hindi namin kakayanin ng anak mo na mangyari iyon!” ani Papa habang sapo ang kaniyang noo.

Mula sa pader na kinatatagan ko, nakita ko ang namumulang mata ni mama. Gusto kong lumapit pero sa situwasyong tulad nito na nagsisigawan sila, lagi nila akong pinapabalik sa aking kuwarto. Maglaro na lang daw kami ni Emy. Hindi ko alam kung bakit pero sumusunod na lamang ako.

“Kailangan natin ng pera, Ronald, dahil maglallockdown ang buong Luzon. Intindihin mo naman ako,” muli pang pagmamakaawa ni mama na medyo naluluha na.

Tinalikuran niya si papa at tinanggal ang kaniyang salamin upang punasan ang nagbabadyang luha.

Papalapit siya sa aking puwesto kaya’t pumasok na ako sa aking kuwarto dala si Emy at doon ipinagpatuloy ang aking paglalaro.

“Ano kaya yuong sakit na ‘yon na tinutukoy ni papa? Bakit kaya delikado ‘yon?’” aking tanong sa aking manika.

Kinabukasan ay nakita ko si mama na nag-iimpake ng kaniyang mga damit sa isang maleta. Nagtaka naman ako dahil madaming damit ang nakahanda sa may kama. Maging ang mga puting uniporme niya ay nakalatag rin.

Aalis ba si Mama?

“Ma, sa’n ka pupunta?” pagtatanong ko sa kaniya.

Tumigil siya sa kaniyang ginagawa at dahan-dahang lumapit sa akin. Binuhat niya ako at kinandong sa kaniyang hita.



“Anak, pupunta si mama sa ospital. Magtatrabaho ako roon,” mahinhang paliwanang niya sa akin habang hinahaplos ang aking kulot na buhok.

“Bakit ang dami mo pong dadalalin? Hindi ka na ba babalik?” tanong ko sa kaniya na medyo naluluha na.

Hinawakan ni mama ang aking dalawang maliliit na kamay at inilapat sa kaniyang mapupulang pisngi. “Babalik naman ako anak. Siguro ay isang linggo lamang ako roon,” wika niya.

“Matagal po ba yuon isang linggo?”

“Mga anim na tulog lang naman anak,” sagot niya sa tanong ko.

Tiningnan ko ang aking mga maliliit na daliri at mahinang nagbilang. Nalungkot ako nang mapagtantong napakatagal no'n.

Habang kapit ang aking manika ay tahimik akong lumuluha. Muli naman akong niyakap ni mama na lalong nagpahikbi sa akin. Pilit kong pinigilan ang aking iyak nang mapansing naiiyak na rin si mama.

“Anak, magpakabit ka, ha? Huwag na huwag kang lalabas ng bahay kahit anong mangyari. Tanda mo ba yung kinakanta namin tuwing kaarawan mo? Kakantahin mo iyon nang dalawang beses habang naghuhugas ng kamay, hmm?” bilin ni mama sa akin.

Tumango naman ako sa kaniya at muli siyang yumakap sa akin. Hinalikan niya ang aking noo at tuluyang sumakay sa tricycle.

Nasanay akong laging nakangiti si papa. Pero sa pagkakataong ito, seryoso ang itsura niya. Halos magdikit ang kaniyang mga kilay habang isinasakay sa tricycle ang mga bagahe ni mama pero nagawa pa ring ngitian ang aking ina nang kumaway siya bago umandar ang sasakyan.

Hindi naging madali para sa akin na gumalaw sa isang araw na wala si mama. Nasanay akong natutulog nang kayakap siya. Ngayon ay damit niya na lamang ang aking kapiling sa gabi. Patuloy naman akong inaalo ni papa sa tuwing hahanapin ko si mama.

Nasa terrace ako ng aming bahay nang natanaw ko si Eunice papalabas ng kanilang kubo. Bitbit niya si Ana, iyon ang manikang kalaro ni Emy. Madalas kami rito maglaro sa terrace dahil mahangin at kahit sa sahig ay pwede kaming maupo.

“Eunice! Tara, laro tayo!” masayang tawag ko sa aking kaibigan.

Bahagya siyang natigilan at mahigpit na napakapit kay Ana.

“Ayaw ko. Ayaw ni mama na makipaglaro ako sa'yo. Hahawaan mo daw ako ng virus. May virus na daw ang mama mo sabi din ng aking tiya,” mahabang sabi niya.

Agad namang kumibot ang aking labi sa narinig at bahagyang namasa ang mata.



"Hindi totoo 'yan. Sinungaling! Hindi na kita kabati, Eunice!" singhal ko naman sa kaniya sabay takbo sa kuwarto.

Umiyak lamang ako sa aking unan dahil sa narinig. Agad ko namang niyakap ang damit ni mama. Sabi ni papa, bayani daw si mama. Pero bakit gano'n ang iniisip ng iba sa kaniya?

"Mabuti naman negative ang test result mo. Napakagandang balita," rinig kong sabi ni papa habang nasa tainga ang kaniyang telepono.

"Okay naman siya. Heto at kalaro pa rin ang kaniyang manika," muling wika ni papa habang magiliw na nakatingin sa akin.

Gusto kong tanungin kung sino ang kausap niya pero bilin sa akin ni mama na masama daw ang sumingit sa pag-uusap ng matatanda.

Nginitian ko na lamang si papa saka muling nagpatuloy sa nilalaro namin ni Emy na lutu-lutuan. "Bad 'yon si Eunice kaya tayo na lang ang maglalaro, Emy. Lulutuan kita ng madaming pagkain," sabi ko sa aking manika habang hinahanda ang mga plastik na laruan.

"Ako'y aalis na rin at kukuha ako ng ayuda. Nawa'y saglit lamang iyong pila para masalubong ko ang pagdating mo"

"Mag-ingat ka pauwi," sagot ni papa at saka ibinaba ang telepono.

"Anak, dito ka lang muna, ha? Pupunta lang ako sa baranggay hall para kumuha ng ayuda. Huwag kang lalabas," bilin sa akin ni papa habang hinahanda ang kaniyang face mask at face shield.

"Opo," magalang na sagot ko.

Naglalaro kami ni Emy nang marinig ko ang tunog ng sasakyan. "Ronald, nandito na ako. Pakihawakan si Nini at baka tumakbo sa akin. Kailangan ko pang mag-disinfect," dinig kong sigaw mula sa labas.

Si mama ba 'yon? Dali-dali akong umakyat sa kama at sumilip sa bintana.

Hindi ko alam pero parang may nagbago kay mama. Maitim ang ilalim ng kaniyang mga mata, napakalayo sa dating tila ba kumikinang. Namumungay rin ang kaniyang mga mata, parang gusto niya nang matulog.

Sa pagkakataong ito, walang make-up si mama kaya para siyang namumutla. Muntik niya pang mabitawan ang kaniyang maleta kung hindi pa siya tinulungan ng tricycle driver. Siguro kailangan niya ng yakap ko para mawala ang pagod niya.

Agad na akong tumayo at tumakbo papalabas. Humahangos man, agad ko siyang niyakap mula sa likuran. Niyakap ko ang kaniyang bewang nang sobrang higpit.

Mmm... namiss ko itong amoy ni mama.

Nagulat lamang ako nang bigla akong itinulak ni mama dahilan ng pagkatumba ko sa lupa.

Agad na namasa ang aking mga mata.

Tuluyang bumagsak ang aking mga luha nang makita ang nakakunot na noo ni mama. Hindi matanggap ng aking sarili ang naging bungad ni mama sa muli naming pagkikita.



Tumakbo ako papasok ng bahay. Ilang beses ko pang narinig si mama na humihingi ng pasensya. Hindi niya raw sinasadya ang nangyari.

Wala akong nagawa kundi umiyak habang nakatalukbong ng aking kumot. Nahahirapan na akong huminga dahil sa aking paghikbi pero hindi ko pa rin sinasagot ang paulit-ulit na pagtawag ni mama.

Nalaman kong umuwi lang pala si mama sa araw na iyon para kumuha pa muli ng karagdang damit dahil matatagalan pa sila sa ospital. Hindi ko siya nakausap sa araw na iyon dahil pinili kong magmukmok sa kuwarto. Sumilip lamang ako sa bintana nang makitang aalis na naman siya.

Lampas na sa bilang ng aking mga daliri ngunit hindi pa rin bumabalik si mama. Tanging sa telopono ko lang siya nakakausap. Sa tuwing tinatanong ko kung kailan siya uwi, sinasabi niya lang na: "Malapit na, anak." Pero hindi naman talaga.

Gusto ko nang makasama si mama nang matagal. Gusto ko na siyang mayakap muli nang napakahigpit.

Natupad ang aking hinihiling, isang araw. Nagmulat ako na nasa isang puting silid. Dahan-dahan ko pang ininulat ang aking mata at nilibot ang aking paningin.

Sa aking kaliwa ay natatanaw ko si mama habang yakap ni papa. Bagaman hindi malapit, hindi naman kasing layo tulad ng dati. Bahagya akong napangiti sa pag-iisip na dininig ng Diyos ang aking panalangin.

Ang daya naman ni papa naunahan pa akong mayakap si mama.

Halos hindi ko na makilala si mama dahil sa ibang itsura niya. Nakikita ko pa rin ang pangingitim sa palibot ng kaniyang mga mata tulad ng huli ko siyang nakita. gunit ngayon ay parang lumala pa. Ang dating namumulang labi, ngayon ay parang sugat-sugat na dahil sa sobrang pagkatuyot.

Minsan pa akong nagulat nang makita sa unang pagkakataon na lumuluha si papa. Napakalayo sa masaya niyang mukha lalo tuwing binabati niya ako sa umaga.

"Covid-19 updates. As of 4pm today, pumalo na po sa higit sampung libo ang positibong kaso ng Covid-19," rinig kong sinabi sa balita sa tv.

Ako'y naguluhan sa biglang pag-agos ng luha mula sa aking ina. Mula sa aking kinahihigaan ay pilit niya akong inaabot ngunit pinipigilan ni Papa.

Pinilit ko ring iangat ang aking braso para maabot siya, ngunit talagang ako'y nanghihina.

Agad ko ring napansin ang bagay na nakakabit sa aking pulso, patient #397.

Lalo pang lumakas ang hagulhol ni mama nang marinig ang mabagal na pagtunog ng makina sa aking tabi.

Tuluyang bumagsak ang aking talukap ngunit walang naramdamang yakap.

"Anak, bakit hindi ka lumaban? Iniwan mo kami agad."





Bilang isang batang mahilig sa paglalaro ng manika, nilabas ni Kangkang ang kanyang pagiging malikhain sa pamamagitan ng pagtatahi ng reta-retasong tela upang makagawa ng damit para sa kanyang manika na si Stella.

-Billy Joe Peralta, 23

Best Photo

YPinQ 2020 Photo Challenge
with the theme "Hopes and
Worries," by Billy Joe Peralta

Mobilizing Women in a Pandemic-Grappled World

by *Clarisse Jane Javier, 17*



It has been more than a year since the pandemic began taking its toll in the world. There have already been more than 118 million recorded cases globally, while the Philippines has recorded more than 600,000 infections. With such a high number of cases, adverse effects of this crisis such as increased poverty, healthcare risk, and economic recession have continued to plague us.

In response to the pandemic, nations have intensified their efforts, mobilizing their most competent frontline workers to help the fight against the virus. To take part in addressing the problems, women have left the safety of their homes to play vital roles and take action to fight the virus. They have played various roles inside and outside their homes such as being on the frontline, leading their respective localities and countries, taking care of their families, and even maximizing their influence in the virtual spaces that highlight how women can push for change in a time of crisis.

Women are at the forefront of the fight against this pandemic globally. Data from the United Nations (UN) show that almost 70 percent of women make up the healthcare workforce. Despite the lack of PPEs on the frontline and exhaustion, women have chosen to extend their helping hands to save lives even if it means risking their own. In fact, according to Akoum (2021) in his article published in Doha News, a high percentage of female healthcare workers has been infected by the virus: 69 percent in Italy, 75.5 percent in Spain, and 73 percent in the United States. One main reason for this increased risk among women frontliners is that most PPEs are made to fit men more than women, forcing women to wear PPEs that are too large for them. As a result, their risk of getting infected has increased. While we see that the virus knows no gender, it has posed additional risks among female healthcare workers.

Women have been burdened by unpaid work at home, too. Mothers and sisters continue to function as caregivers in many families, ensuring that their loved ones are safe while staying at home. One story that demonstrates how challenging motherhood has become during the pandemic is that of Roeyna May Famarisan, a government employee. In her essay published in the Philippine Daily Inquirer, Famarisan (2020) shared that being a mother amid a pandemic has meant doing more things at once. “You need to be a friend for your children who are forced to play in the comforts of your home. You need to be a teacher, especially with classes now held online. You need to be a counselor for family members just so they’d feel better. You need to be everybody’s shock absorber. You hold all the strings inside the household so that they would not fall apart. You need to be a protector. You need to be a provider,” she wrote. It is without a doubt that the roles and sacrifices of women in this pandemic are unparalleled.



Several women leaders have also made headlines for their excellent pandemic response. Various women world leaders have handled the crisis better than their male counterparts through more proactive strategies. These women include New Zealand’s Jacinda Arden, Germany’s Angela Merkel, Taiwan’s Tsai Ing-wen, and Norway’s Erna Solberg.

Jacinda Arden, probably the most popular among the four, was recognized by an international science journal for her quick and decisive actions at the height of the pandemic. She has prioritized both the health and economic sectors of New Zealand. She has mobilized a science-based approach and took into careful considerations what the health minister and healthcare workers advised to do to minimize the spread of the virus. She has also focused on mobilizing collective efforts in her country which involves informing, educating, and involving people in doing what needs to be done to minimize the damage that the virus may bring to their health and livelihoods.



Germany's Angela Merkel has also taken a science-based approach in dealing with the pandemic. With her background as a physicist, her pandemic response strategy quickly tamed the first wave of the virus in the country through intensive contact tracing and testing. Her country's preparedness in offering a massive aid program has also addressed the economic implications of the pandemic.

Taiwan's Tsai Ing-wen's pandemic response has also been lauded by many. The immediate actions led by Tsai have prevented the country from having a major outbreak. Upon the discovery of the first case in Taiwan, Ing-wen quickly directed rigorous investigative efforts to track travel and contact history for every patient to avoid a possible outbreak. She has been communicating well with her constituents, too, and this has so far resulted in people and establishments doing their part to help contain the virus through regular monitoring of body-temperatures and disinfection. At the onset of the pandemic, her leadership was also able to prevent mass panic buying through early-stage monitoring of market spikes in commodities and taking over the production and distribution of medical-grade masks. Taiwan has also invested in strengthening the country's healthcare system and research to prevent its system from collapsing.

Finally, Norway's Erna Solberg has demonstrated the importance of leading with empathy, especially during trying times. Besides answering questions of adults about the pandemic, she took time to answer children's questions. Last March 2020, she made the headlines for holding a press conference for children to answer their questions about the pandemic. She also assured them that it is okay to feel scared especially in unprecedented times.

And as we have said, women have not only taken their space inside and outside their home but also in the virtual spaces where most people have been more immersed since the pandemic started.




Many women have taken the opportunities offered by the internet to champion the causes they believe in and support. For instance, some women students have spearheaded projects that aim to tackle mental health issues and make social media platforms safe spaces. Some have started donation drives for people who lost their jobs due to the pandemic. Various women have also spoken up against the faulty response of the government in addressing the pandemic through their social media accounts.

Women's resilience, benevolence, empathy, rationality, humility, and trust in the power of collective action have made them stand out in these trying times. Now that we have seen how essential women's roles are in battling the COVID-19 pandemic, we must recognize what they have done and start a movement to defy the norms and stereotypes that try to dictate where women belong and what they should become.


It is time for women to be seen and heard. We must allow them to speak up. We should let them get involved as we take the necessary actions during and even after the pandemic because women, after all, are capable of doing greater things.

References

- Akoum, M.E. (2021). Most frontline heroes are women, let's celebrate them this women's day. Retrieved from <https://www.dohanews.co/most-frontline-heroes-are-women-lets-celebrate-them-this-iwd/>
- Amatulli, J. (2020). Norway's pm holds coronavirus press conference for kids, says it's ok to be scared. Retrieved from https://www.huffpost.com/entry/norway-coronavirus-press-conference_n_5e7108d4c5b60fb69ddf303a
- Center for the National Interest. (2020). How Jacinda Ardern's pandemic leadership saved lives and won votes. Retrieved from <https://nationalinterest.org/blog/reboot/how-jacinda-arderns-pandemic-leadership-saved-lives-and-won-votes-171294>
- Famisanan, R.M. (2020). Motherhood in the pandemic. Retrieved from <https://opinion.inquirer.net/133732/motherhood-in-the-pandemic>
- France 24. (2020). Merkel shines in handling of Germany's coronavirus crisis. Retrieved from <https://www.france24.com/en/20200329-merkel-shines-in-handling-of-germany-s-corona-virus-crisis>
- Subingsubing, K. (2020). Kids' homemade cards spread hope, boost spirits of RITM patients, frontliners. Retrieved from <https://newsinfo.inquirer.net/1252593/kids-homemade-cards-spread-hope-boost-spirits-of-ritm-patients-front-liners>
- Tsai, I.W. (2020). President of Taiwan: how my country prevented a major outbreak of COVID-19. Retrieved from <https://time.com/collection/finding-hope-coronavirus-pandemic/5820596/taiwan-coronavirus-lessons/>



short
stories



Ang Buwan sa Madilim na Kalangitan

ni Veronica Camarao, 15

Malamlam pa lang ang sikat ng araw ay inihahanda na ni Ana ang kaniyang sarili. Ngayong araw ay kailangan niyang kumita ng malaki mula sa pagtitinda ng plastik sa palengke dahil may nais siyang bilhing regalo para sa kaniyang inay na kaarawan na bukas. Gusto rin niyang makapaghanda sila ng spaghetti, pansit, softdrinks, o kung maaari ay pati cake. Ganoon kasi ang handa ng kaniyang kaibigan nang magdiwang ito ng kaarawan. Kaya kung hindi man maranasan ni Ana ang ganoong karaming handa, nais niyang maranasan man lang iyon ng kaniyang inay.

Labis ang pagmamahal ni Ana sa kaniyang inay kahit madalas niyang maramdamang wala itong oras para sa kaniya. Palagi siyang sinasabihan nito sa umaga na umalis na at magtinda sa palengke sa kadahilanang may bisita itong darating at hindi maganda kung naroon siya. Pag-uwi naman ni Ana ay laging wala ang kaniyang inay sa kanilang bahay. Kinabukasan, kapag tinanong niya ang kaniyang inay kung saan ito galing, at kung anong oras na ito nakauwi, ay mariin itong sasagot ng: “Wala kang pakialam doon”. Pero minsan naman ay umuwi ang kaniyang ina na may dalang maraming pera o kaya’y masasarap na pagkaing noon lamang natikman ni Ana. Ngunit, sobrang bihira lang mangyari ang ganoon. Bago umalis si Ana ay sinilip muna niya ang kaniyang inay sa kwarto na mahimbing ang tulog. Bakas ang pagod at puyat sa mukha nito. May itim na hugis buwan sa ilalim ng mata, at kapansin-pansin din ang mabilis nitong pangangayayat. Nakatingkayat at dahan-dahang nilapitan ni Ana ang kaniyang inay upang hindi ito maistorbo sa pagtulog. Hinalikan niya ito sa noo, at pabulong na sinambit ang katagang hindi niya nasasabi kapag ito ay gising.

Paglabas ni Ana ng bahay ay nasalubong niya ang kaniyang itay, kasama ang bunsong kapatid ni Ana na si Ken. Hiwalay ang magulang nina Ana at Ken kaya hiwalay din silang binubuhay ng mga ito. Ang kaibahan lang ay nagtatrabaho ang kanilang itay bilang construction worker, habang si Ana naman ang nagtatrabaho para sa kanila ng kaniyang inay. Umuwi lamang ang mag-ama kapag nais makasama ni Ken ang inay o ang kapatid.

Nagmano si Ana sa kaniyang itay at sinabing isasama niya si Ken sa palengke dahil binilinan siya ng inay na hindi magandang may bata sa bahay pagdating ng mga bisita nito. Bakas ang lungkot sa mata ni Ken, ngunit agad din itong nawala at napalitan ng tuwa nang sabihin ng kanilang itay na siya na ang bahala kay Ken. Saglit silang nagpaalam at tuluyan nang pumasok ang mag-ama sa kanilang barong-barong.

“Plastik! Ate, kuya, bili na kayo ng plastik!” malakas na sigaw ni Ana habang naglalakad at naglilibot sa palengke. Minsan ay hihinto siya sa isang tabi at doon magpapahinga. Hindi niya kailangang mag-alala sa uulamin nila sa tanghalian dahil umuwi ang kanilang itay ngayon na may dalang masarap na pagkain. Hindi pa sapat ang kita niya ng mga oras na ‘yon pambili ng iregalong niya sa kaniyang inay: porselas na kulay ginto. Kaya naman sinipagan niya ang kanyang pagtitinda. Nagpatuloy siya sa paglakad hanggang sa may tumawag sa kaniya mula sa likuran na isang maggugulay. Patakibong lumapit si Ana at pinagbentahan ang tindera. Agad napansin ni Ana ang batang babae sa likurang kanan ng tindera, nakasuot ito ng unipormeng may kulay sa gilid ng kuwelyo, manggas, at laylayan. Sa palagay ni Ana ay kaedad niya ang batang babae, labindalawang taong gulang.

“Ineng, ayos ka lang?”, tanong ng tindera kay Ana na kanina pa nakatitig sa batang babae. Tumango lang si Ana at magalang na tumalikod paalis. Nang makalayo na siya ay palihim niyang tinignan ang kaniyang sarili. Gusot ang paboritong asul na damit na may larawan ng iniidolong banda na may ilang punit sa laylayan at tahi sa manggas, hindi nag-aaral, gulo ang buhok, at higit sa lahat, mahirap.

Hindi katulad ng batang babaeng nakita niya kanina, plantsado ang uniporme at walang bakas ng kahit na anong remedyo, maayos ang buhok, at mukhang nakaluluwag sa buhay. Biglang nakaramdam ng inggit si Ana at napabulong na sana ay katulad niya ang batang babae, na nakakapag-aral at hindi kailangang magtrabaho nang maaga para mabuhay. Huminga siya ng malalim at buong lakas na nilunok ang inggit at sinubukang maging positibo sa buhay.

Malapit nang tumaas ang sikat ng araw kaya binili na niya ang porselas na regalo sa inay. Maingat niyang isinilid iyon sa kaniyang malalim na balsa upang hindi agad masira. Sabik na siyang ibigay ang regalo sa inay at makita ang magiging reaksyon nito.

Malayo pa lamang siya sa kanilang bahay ay napansin na niya ang dami ng taong nakapalibot doon. Napangiti siya at naisip na baka kaya sila naroon ay upang batiin ng maaga ang kaniyang inay sa kaarawan nito. Dahil sa naisip, tinakbo na ni Ana ang natitirang distansya niya sa kanilang bahay. Ngunit bago pa man siya tuluyang makalapit ay halos mawala na parang bula ang ngiti sa kaniyang labi. Parang ipinako siya sa kaniyang kinatatayuan at ramdam niya ang mabilis na tibok ng kaniyang puso na hindi niya alam kung dahil ba sa mabilis na pagtakbo o dahil sa kaba at gulat. Tanaw niya ang isang matangkad na babaeng kulay asul ang lahat ng kasuotan, isang pulis. Hawak ng pulis ang inay ni Ana na nakaposas sa likuran ang mga payat na kamay. Umugong ang bulung-bulungan sa paligid ni Ana, ngunit ni isa doo'y wala siyang maintindihan. Ang tangi niyang nakikita ay ang inay na hawak ng babaeng pulis, at ang tanging naririnig ay ang mahinang paghihinaggis ng kaniyang inay habang pinapasok ito sa kotseng may ilaw na pula at asul sa bubungan nito. Katanghaliang tapat ngunit para kay Ana ay mas matinkad ang ilaw ng kotseng iyon kaysa araw. Nagsimula nang manlabo ang kaniyang paningin dahil sa nagbabadyang luha sa kaniyang mga mata. Hindi siya makagalaw o makapagsalita dahil sa bilis ng mga pangyayari at sa dami ng tanong sa kaniyang isipan.

Nang tuluyan nang mahimasmasan si Ana sa kanilang bahay, isinalaysay ng kaniyang itay ang lahat. Hinuli ang kaniyang inay dahil gumagamit at nagbebenta ito ng ilegal at ipinagbabawal na gamot. Iyon ang dahilan ng mabilis nitong pangangayayat at pagpupuyat. Mga parokyoano ng kaniyang inay ang tinutukoy nitong "bisita". Matagal na itong alam ng kanilang itay ngunit minabuting huwag itong ipaalam sa mga anak dahil matatakot ang mga ito. Wala sa sariling kinuha ni Ana ang porselas sa kaniyang balsa at isinuot iyon hanggat hindi pa nakakabalik ang kanilang inay.

Lumipas ang mga araw na magkasama na sila Ana at Ken sa bahay at minsang umuwi ang kanilang itay para makasama sila. Sa kabila ng hindi pag-iisa, isang kakaibang tindi ng kalungkutan ang palaging nadarama ni Ana. Minsan ay nagugulat siya dahil bigla na lamang niyang mararamdaman na parang pinipiga ang kaniyang puso at sa isang kisapmata ay nag-uunahan na ang kaniyang luha sa pagbagsak. Wala siyang magawa kundi ang humagulgo nang mag-isa, at paulit-ulit na tanungin ang sarili kung anong dahilan ng kaniyang mga biglaang pag-iyak.

Isang araw, nang umuwi ang kanilang itay at kumakain sila, napansin ni Ana na panay ang ubo ng kanilang itay. Hindi nila iyon gaanong pinansin dahil simpleng ubo lang naman iyon. Kinabukasan ay umalis nang muli ang kanilang itay upang magtrabaho at naiwan nanaman ang magkapatid.

Pinagpatuloy nila ang buhay, si Ana ay nagtitinda pa rin ng plastik sa palengke, habang ang sampung taong gulang niyang kapatid na si Ken ay umeekstra sa isang car wash sa kanilang lugar.

Dalawang araw pag-alis ng kanilang itay ay tumawag ito sa kanila at sinabing matatagalan bago siya makabisita ulit sa mga anak dahil lumala ang kaniyang ubo at tinatrangkaso siya. Nag-alala si Ana para sa itay kaya naman lubos ang panalangin niya sa Panginoon na pagalingin ang kanilang itay. Nang sumunod na araw ay napag-alaman ng magkapatid na nasa ospital na ang kanilang itay dahil nakakaranas na raw ito ng sintomas ng isang nakahahawag sakit. Nagkatinginan ang magkapatid at bakas na bakas ang pag-aalala sa mukha ni Ken kaya umiling si Ana, tanda na umaasa siyang walang mangyayaring masama sa kanilang itay.


Sa pagdaan pa ng ilang araw ay nasubok ang katatagan at pananampalataya ng dalawa nang mabalitaang nagpostibo ang kanilang itay sa Covid-19. Ngunit kumapit pa rin si Ana sa pag-asang gagaling ang kanilang itay at kailangan lang nitong magpahinga. Pagkalipas ng apat na araw, habang naghahain ng hapunan si Ana ay umiyak na tumakbo sa kaniya si Ken at iniabot ang teleponong naglalaman ng mensaheng nagpaguho ng kanilang mundo. Pumanaw ang kanilang itay dahil hindi nito nakayanang labanan ang sakit at ito ay nakatakdang ipa-cremate upang masigurong wala na itong mahahawa pa.

Napaupo si Ana at otomatikong nag-init ang kaniyang mata at naramdaman ang tuloy-tuloy niyang pagluha. Hindi niya alam ang sasabihin o ang mararamdaman. Naisip niya kung gaano kasakit ang sintomas ng kaniyang itay para hindi iyon kayanin. Kung gaano kahirap ang dinanas ng kanilang itay na may sakit ngunit walang anak na nasa tabi nito. Pero wala nang mas sasakit pa sa malamang namatay nang mag-isa ang unang lalaking minahal nila. Sa sobrang sakit ng nadarama ay naibato ni Ana ang sandok sa pader at napasigaw. Alam niyang hindi siya dapat nagpapakita ng ganoo ng ugali sa nakababatang kapatid ngunit hindi lang niya mapigilan dahil sa sobrang sakit at lungkot na kaniyang nadarama.

Palubog na ang araw sa kanluran. Tanaw na tanaw mula sa maliit na bintana nila Ana ang magandang kulay na nalilikha nito sa kalangitan. May mga taong naglalakad na may dalang pagkain at may mga telang nakabalot sa kanilang ilong, bibig, at baba na nakasabit sa kanilang tainga. lilan lang ang magagarang sasakyang dumaraan lulan ang mga pinagpalang mamamayan. Kaunti na lang din ang mga pulubing ilang araw pa ng matinding paghihirap ay makakahati na nila Ana sa lansangan. Nakatulog si Ken dahil sa pagod sa trabaho. Isang linggo na ang lumipas mula nang pumanaw ang kanilang itay ngunit dama pa rin ng magkapatid ang sakit. Malinaw sa kanila na mabilis ang mga naging pangyayari. Nakatitig lang sa malayo si Ana at tinatanong ang sarili kung anong nagawang kasalanan upang parusahan siya ng ganoon. Walang nanay, walang tatay, walang malapit na kamag-anak, at walang kahit na sinong kukupkop sa kanila dahil pinaghihinalaan silang positibo rin sa sakit na ikinamatay ng kanilang itay. Matagal nang napatunayang negatibo sila sa sakit ngunit nilalayuan pa rin sila ng mga kapitbahay at hindi nila maiwasang masaktan sa mga ibinabatong mapanghusgang tingin ng mga ito. Dahil sa pandemyang dulot ng Covid-19, hindi maaring lumabas ang mga bata na nangangahulugang hindi sila makakapagtrabahong kapatid. Ngunit dahil hindi pa naaabutan ng tulong ang kanilang barangay, sumusuway ang magkapatid at waring nakikipagpatintero sa mga pulis. Nagnanakaw ng sandali upang mabuhay. Silang dalawa na lang ang naiwang lumalaban sa buhay at sa virus. Natatakot din sila na baka isang araw ay mahuli sila ng mga otoridad, ngunit kanino nila iaasa ang makakain nila sa araw-araw?

Isang takas na luha ang kumawala sa mata ni Ana. Hindi na niya napigilan pa ang pag-iyak. Mabilis ang pagkalat ng dilim sa kalangitan kasabay ang paglaho ng pag-asa ni Ana na matatapos nilang magkapatid ang laban na ito nang buhay at magkasama hanggang dulo.





Kaunti na lamang ang mga taong nasa labas pa ng kani-kanilang bahay. Hindi sinindihan ni Ana ang kandila at nanatili sa madilim niyang puwesto at ngayo'y nakatitig sa liwanag ng buwan. Tinitigan niya ang taglay nitong ganda sa gitna ng dilim. Ngunit wala na yatang makapapawi pa ng lungkot at pangungulilang nararamdaman niya, kahit pa ang magandang buwan. Sa isang iglap ay nagbago ang lahat, ang kanilang buhay, at ang takbo ng mundo.

Umihip ang malamig na simoy ng hangin na dumampi sa kaniyang pisngi. Napapikit siya at ninamnam ang pansamantalang kapayapaang hatid ng tahimik at malamig na gabi. Bumalik kay Ana ang lahat ng kabiguang dinanas niya, ang kahirapan, ang maagang pagtatrabaho, kawalan ng pinag-aralan, at pangungulila sa gitna ng magulo at masalimuot na buhay.

Sinubukan niyang pigilan ang paghikbi sa pamamagitan ng pagtakip sa kaniyang bibig, ngunit sadya nga talagang malupit ang tadhana. Kahit sa simpleng pagpipigil ng hikbi ay bigo siya. Wala siyang nagawa kundi hayaan ang sariling ilabas ang lahat ng sakit na matagal na niyang pinipigilan. Parang sinasaksak ang kaniyang puso sa sobrang sakit.

Napatingala siyang muli sa kalangitan at tumitig sa buwan. Sa gitna ng dilim ay kitang-kita ang liwanag nito. Minsan ay masasakop ito ng dilim ngunit bumabalik din. Minsan ay kalahati lang ngunit nabubuo rin. Kailangan nito ang dilim upang magliwanag, at hindi ito magliliwanag sa gitna ng liwanag. Tila isang matatag na tao at kayang umangkop sa kaniyang kapaligiran ang sinisimbolo nito. Napangiti si Ana sa kaniyang mga napagtanto. Tunay ngang sa gitna ng kawalan ng pag-asa ay laging may isang bagay na magsasabi sa isang tao na ipagpatuloy ang kahit na anong laban. Gaano man kahirap, kasakit, o katagal ang proseso, kailangan lang magtiwala at maniwala na matatapos at mapagtatagumpayan mo rin ang lahat.

Agad na sinindihan ni Ana ang kandila na magsisilbi nilang ilaw. Isinaing na niya ang natitirang takal ng bigas at inihanda na ang toyo. Ilang minuto lang ay nagising na si Ken na kung hindi lamang sa mahinang liwanag ng kandila ay nahalata niyang umiyak si Ana. Sabay nilang pinagsaluhan ang hapunan at naramdaman ni Ana ang kakaibang pakiramdam na hatid ng pag-asa. Napatingin siya sa kaniyang kapatid at nangako sa sarili na mananatili siyang matatag para sa kapatid at patuloy silang lalaban laban sa lahat.



Kinaanos*

*Kinaanos means 'patience' in Ilocano.



Despite of her age, she waited patiently for her name to be called during the conduct of the Social Amelioration Program of the government. Always put in mind that patience is a virtue.

-Roemjedrick Andaya



Best Photo

YPinO 2020 Photo Challenge with the theme "Hopes and Worries," by Roemjedrick Andaya

Superwomen vs. Pandemic

by *Hanna Grace Landrito, 17*

We were all shocked at the beginning of March 2020 when the World Health Organization (WHO) officially declared COVID-19 as a global pandemic. Before then, no one expected that the words “virus” and “pandemic” would instill so much fear in us.


This pandemic has put a halt on everyone’s plans and dreams. However, even though the virus itself does not discriminate, it affects men and women differently. Our fight toward gender equality was already difficult even before this virus came into the picture but the challenges have intensified because of this health crisis, making it especially hard for women. Despite the challenges women are facing, however, their role and participation in our fight against COVID-19 remain crucial.

COVID-19 eventually turned our world upside down. It’s harming our health and social and economic well-being, with women and young girls at the center. Ever since the lockdown began, women have assumed additional responsibilities at home. Given the closure of schools and child care facilities, women have been pressured to embrace traditional roles such as cooking, cleaning the house, and fending for their families. The pandemic has increased the burden of unpaid work women are expected to do.

Due to schools’ closure, women are most likely to spend more time on child care and supervise their homeschooling, too. They are also expected to take care of the elders at home and are likely to lead routine housework, including cooking meals and cleaning the house. On top of all these responsibilities, women are also expected to provide emotional support and encouragement to the family members.

This can be difficult especially for those who are required to continue working. They are performing a lot of tasks at home while there is a high risk of job and income loss. Moreover, a huge number of women are said to be facing violence, exploitation, abuse, and harassment during the quarantine. In June 2020, authorities revealed that the number of women who experienced physical, sexual, and emotional abuse had grown since the COVID-19 lockdown began last March 2020. The figures in the Philippines were consistent according to a World Health Organization report saying that violence against women increased because couples have been spending more time together at home.


Meanwhile, according to a report released by UN Women, women make up 70 percent of frontline workers in the health and social sectors, such as doctors, nurses, midwives, cleaners, and laundry workers. Globally, women have always been providing support and care for others. They play crucial roles not only in their own homes but also outside. Women are remarkably successful in changing household practices from family planning to improving sanitation. When the first sign of an illness shows, it is often reported first to the woman leader of the house who serves as a primary decision maker regarding treatment, isolation, and reporting.



Furthermore, a lot of women organizations have used their platforms to raise awareness raise funds to help those in need. They are playing an important role in responding to this global health crisis. Several women leaders have excelled amid the pandemic as well. A study published in May 2020 showed that countries led by women had six times lower death rates than those with men leaders. Women-led countries also implemented lockdowns earlier and had higher rates of testing and lower absolute COVID-19 cases.

Even before the pandemic, women have been playing more than one role in life. They have had professional, family, and community roles to fulfill. Finding a balance between all of these roles is a life skill a lot of women have already mastered. And in this pandemic, women have truly shown how important their roles are in society.

Women are not just wives, mothers, sisters, aunts, or grandmothers. Women are not just bodies nor objects to be looked at. They are more than what people and society perceive them to be. Women are superheroes. They may not be the kind of heroes we see in the movies, but they are superheroes because of their courage and the noble deeds they've done. Lots of women have bravely faced the pandemic to care not just for their families but also for other people. They continue to fight for truth and justice, and they protect people just like superheroes do. It's not just Wonder Woman who is strong and capable; all women are. They may not wear capes, but they sure are all superheroes.




Growing Together



Instead of spending time playing with friends, he made an improvised watering tool for his plants. He was inspired by our grandmother who likes to plant vegetables and grow flowers in our small garden. I believe he did not only make the plants nurture, he made himself flourish in the midst of the pandemic too.

-Aira Lee Panoy, 19




OFFICIAL BALLOT

MAY 13, 2021 National and Local Elections
BARANGAY 1, CALDOGAN CITY, NATIONAL
CAPITAL REGION - THIRD DISTRICT



PARAAN NG BOTO

1. Itinan ang toob ng oval: ● sa tabi ng agenda na napili
2. Gumamit lamang ng "marking pen" sa pagmamarka.



VOTE FOR YOUNG PEOPLE'S CALLS AND DEMANDS

MENTAL HEALTH

BAKUNA PARA SA LAHAT!

SERBISYONG PANGKALUSUGAN

COMPREHENSIVE SEXUALITY EDUCATION

LIGTAS AT DEKALIDAD NA BALIK ESKWELA

PAGKAIN AT AYUDA SA PANAHON NG PANDEMYA

TRABAHONG MARANGAL AT PANGKABUHAYAN

GENDER-RESPONSIVE DISASTER MANAGEMENT

DEFEND THE WEST PHILIPPINE SEA!

VALUE SECULARISM!

VOTE TO DEFEND HUMAN RIGHTS!

TEENAGE PREGNANCY PREVENTION BILL

DECRIMINALIZE ABORTION

REPEAL ANTI-TERROR LAW

SOGIE EQUALITY BILL



Artwork by Sed Belnaguel



Calls and demands are based on consultations with young people conducted by WGNRR and YAS (COVID-19 Youth Suavry - April 2020, Decriminalize Abortion Bill Youth Consultations - September 2020, Conversations with Young People: May 28 IDAWH Consultation - May 2021) and Filipino Freethinkers (Filipino Freethinkers' Feminist Sectoral Agenda Consultation - June-July 2021)



Artwork by Sed Belonguel

Under Quarant-praning

by Shane Narcelle Quidor, 14

Content warning: This short story contains themes that may trigger some readers. If you have been triggered or in need of support, you may check out the SRH Services Directory (page 55) for assistance or contact our team through youngpeople@wgnrr.org.

I admired the plaque where my name is carefully carved. I slid my finger across it, feeling the depths, and edges of every letter. I smiled at myself and dreamt of all the things I could achieve while time is still in my hands. I had nothing to do in this office since I requested permission for an early leave tomorrow. I waited for approval.

Atty. Sierra Liliena de Guzman, CPA.

It's been three years since I got this, and it still feels refreshing. Seeing my name with the degree and title I earned makes me feel proud. After all, I worked hard for this. I fought all the internal battles to achieve this, all on my own. Because if I didn't, I would've regretted it.

I sneaked out of the window. Fortunately, I have the best location in this firm. Malaki ang napupunta sa akin na lamig mula sa air-conditioner, at payapa rin ang tanawin na nakikita ko sa tuwing sumisilip ako sa bintana. Mahahalata naman ang pagka-syudad nito. Subalit, ang sinag ng araw ang nagpapabago sa mood.

Bumaling ako sa pinto nang makarinig ako ng tatlong katok. Doon ay nakita ko ang ngiti ni Atty. Sanchez habang iwinawagayway ang isang puting papel. Iyon na ata ang hinihintay ko.

Naglakad siya papalapit sa akin hawak-hawak ang papel, habang ang isang kamay ay nakasuksok sa bulsa ng kaniyang pantalon.

"Your request was approved by the higher-ups," sabi nito, at saka iniabot sa akin ang papel. Hindi ko mapigilan ang aking labi na kumurba sa aking mukha nang mapuna ko ang pirma nila. "Wala pang tanghali pero aalis ka na? Anong gagawin mo?"

I looked at him and smirked. "Personal reasons, Attorney Sanchez." Kinuha ko ang pouch ko at saka umambang aalis. "Bye. Gotta go."

My heels clicked on the marble floor and echoed across the room. I didn't bother walking smoothly to reduce the sound. At hindi pa ako nakaaalis nang magsalita ulit ito. "Kailan mo ba ulit ako tatawagin sa pangalan ko?"

Nilingon ko siya at saka nginitian. "We're in the office." At saka kumurba ang labi ko as I pronounced his first name hardly. "Lim-wel." I laughed at his reaction. Parang hindi kasi siya makapaniwala na muli kong binanggit ang pangalan niya without any formalities. I dropped all the casual talkings I had with him ever since I found out that he's also working in the same law firm with me. Pakiramdam ko kasi masyadong awkward sa aming dalawa lalo na't he's actually ahead of me in the career we've chosen.

Nakalabas na ako sa building ng firm at papunta na ako sa parking lot where my car was parked. Pinaikot-ikot ko sa hintuturo ko ang susi habang hinahanap ang kotse ko na sa tingin ko ay malapit na lamang mula sa aking puwesto. Hindi nga ako nagkamali dahil nakikita ko na ito katabi ng isang puting kotse. May nakita pa nga akong naghahalikan sa likod ng puting kotse na iyon. Kadiri.

But then I could not take my eyes off them. May naramdaman akong iba sa kanila, alam kong tamang-hinala ito pero parang may mali? I observed their movements although hindi ko gaanong napansin dahil hinarangan ng lalaki ang kahalikan niya. Malapit na ako sa kotse ko kaya mas nakikita ko na ito. And when I arrived, I noticed something strange. The hands of the one being kissed was struggling to push him? Maliit at maputi ang kamay noong kahalikan ng lalaki, so I guess it's a she.

“He-Help!” she shrieked in her smallest voice. Agad siyang sinampal ng lalaki. And that slightest movement gave me a chance to peek at their face. And she wasn’t a woman yet! She’s still a kid!

I immediately grabbed the foldable baton I always kept in my pouch and slammed it towards the head of the guy. I heard him groan. Nakawala ‘yung babae at kaagad akong natagpuan ng kaniyang mga mata. Hindi na ito nag-atubili pa at tumakbo siya nang mabilis papunta sa likod ko. She held the hem of my coat and I could feel her fear as her hands trembled. Mas umusbong ang galit ko dahil doon.

Minura-mura ako ng lalaking tinamaan ng stick na hawak ko. Nang humarap ang lalaki sa akin ay doon ko lang napagtanto kung gaanong mas malaki ang pangangatawan nito kaysa sa akin. Kinailangan ko ng tulong. Inihanda ko na ang alarm na ibinigay sa akin noon ni Limuel.

Pumilantik ang dila nito at saka mabigat ang paa na lumapit sa akin. “Nangingialam ka ba, ha! Hindi ka naman namin inaano. Bakit? Kapatid ka ba niyan?”

Kapatid lang ba ang puwedeng mag-react nang ganito? “Hindi. Bakit? May problema ka rin ba roon?”

“E ‘di wala kang karapatang pakialaman kami! Hindi ka naman pala kaano-ano ng babaeng ‘yan!” Kunot noo nitong sinabi, at kung ‘di ako nagkakamali ay nagtimi lang ito sa akin. “Loise! Halika rito!”

“Siraulo pala ‘to, e. Bata ang kinakana tapos sasabihing wala akong karapatan? Duh. Abogada ako.”

Naramdaman ko ang mahigpit na paghila ng babaeng nasa likod ko. Nilinging ko siya at bahagya siyang umiling sa akin tanda ng pagtutol niya sa lalaki. Naririnig ko rin ang mahina niyang paghikbi.

Napansin ko ang mabilis na pagbago ng hitsura nito. Mula sa kinakalma ang sarili ay tuluyan na itong nagalit. Tiningnan niya ako nang madilim, at mukhang anumang minuto ay susugurin ako nito.

Hindi na ako nagdalawang-isip pa at pinindot ko na ang alarm na ibinigay sa akin. Hindi ko pinahalata iyon para hindi niya isipin na ako ang may kagagawan noon. Lumikha ito ng malakas na tunog na katulad sa kotse ng mga pulis at hindi nga ako nagkamali sa naging reaksyon niya. Mabilis itong tumakbo papalayo at hindi na muling luminging sa direksyon namin ni Loise.

“Good job,” I said and kissed the alarm he gave me. It never failed me. It works everytime.

Maya-maya pa ay dumating ang humahangos na si Atty. Sanchez. Nakatabingi ang kaniyang coat at hindi mawari ang kaniyang hitsura dahil sa kamamadali nito.

Hinawakan niya ako mula mukha hanggang balik at pagkatapos ay pinaikot niya ako sa harap niya na para bang may hinahanap at saka nagtanong, “Ano ang nangyari? May umano na naman ba sa’yo? May loko-loko bang nambastos? May nagnakaw? Sinaktan ka ba?” Puno ng pag-aalala ang mga mata nito at mabilis din ang kaniyang paghinga tanda na nagmamadali siyang pumunta sa aking kinaroroonan. Pinaikot niya pa ulit ako at naglumikot ulit ang kaniyang mga mata. “Hoy, magsalita ka. ‘Di ako makapag-isip nang maayos. Wait, teka nga lang. ‘Di ako makahinga.”

I made a face. Mukhang masamang ideya rin na pinindot ko ang alarm dahil nalimutan ko na may GPS tracker nga pala ito. Akala ko kasi wala na since ilang taon na rin mula nang lumipas ang pangyayaring iyon. “Ayos lang ako. I just pressed that alarm for someone.”

“Bakit?” sagot nito habang hinahabol pa rin ang hininga.

“I’ll tell you about it later,” sabi ko at binalingan ng tingin si Loise.

“Loise?” I called her name. She’s sitting on her knees and nakapatong ang mukha niya sa kaniyang mga braso. Nanginginig ang kaniyang mga balikat. Batid ko ay umiyak siya dahil sa mga nangyari.

Napabuntong hininga na lamang ako at lumapit. Mahina ang emosyon ko sa mga ganitong pangyayari kaya hindi ko maitatangi ang pagbaluktok ng sikmura ko at panghihina ng katawan ko. Pero, ayokong ipahalata iyon sa kaniya kaya yumuko na lang ako sa harap niya para hagurin ang kaniyang buhok nang marahan.

“Iiyak mo lang ‘yan. Usap tayo mamaya. Pero mas magandang umiyak kapag walang nakakakita,” sabi ko na nagpalingon sa kaniya. “Gusto mo sa flat ko muna ikaw? Walang tao doon at may extra room ako. You can stay there for a while. Don’t worry. I am harmless.” I raised both my hands for her. I even showed her my I.D.

Nakarating na kami sa lugar ko and I just found out na she’s only 15 years old. I asked her some basic personal infos while driving kasi kanina. Her father passed away two years ago, and her sister is out of town for her work. While her mom is in the market para magbenta ng mga gulay.

I assisted her to her temporary room, and asked for her mom’s number to inform her whereabouts just in case na hanapin siya nito. Pinahiram ko na rin siya ng ilang damit para kahit papaano ay mas maaliwalas ang kaniyang pakiramdam.

“Salamat po dito, A-Attorney. Pasensya na po sa abala. Papasundo na lang din po ako kay nanay agad.” Sumisilip-silip lang ang mga mata nito at hindi ako matignan nang diretso. Idagdag mo pa na nakayuko lang ang ulo niya.

“Hindi ka abala at hindi ako naaabala. Pahinga ka lang muna diyan.” Nginitian ko siya. “Na-text ko na rin ang mother mo about our location, but I told her na ako na rin ang maghahatid sa’yo doon dahil masyadong malayo ang palengke na sinabi mo dito. Delikado kung pupunta pa siya.”

Tumango lang siya bilang tugon.

“Iwan muna kita diyan. Puwede kang lumabas kung may kailangan ka.”

Nang makalabas ako sa kuwarto niya ay halos matumba ako sa kinatatayuan ko. Mabuti na lang ay mayroong malapit na bookshelf doon kaya mayroon akong nahawakan. May mga alaala at emosyon na naman akong naramdaman na hindi na naman dapat pang mabuhay. Akala ko ba tapos na ako dito?

Sa bookshelf na pinanghahawakan ko, muli kong nakita roon ang family picture na hindi ko akalaing muli kong hahawakan nang may sama ng loob. Matagal ko nang binitiwang ang lahat ng nangyari noon pero nang nasaksihan ko na mangyari iyon kay Loise, lahat ng nakatago ay lumabas.

Nangilid ang luha ko sa aking mga mata. Hanggang ngayon ay hindi ko pa rin maintindihan ang nangyari sa akin noon. Bakit kasi ginawa mo pa iyon, pa? Sa dinami-rami ng mga puwedeng gawin, bakit iyon pa? Hindi ko na napigilang umiyak habang paunti-unti ko ulit na nararamdaman ang kaniyang mga haplos sa aking katawan.

Akala ko tapos na ako dito. Akala ko sapat na ang mga taon ng pagkabata na inagaw sa akin. Akala ko kaya ko na ulit siyang harapin matapos noon. Akala ko kaya ko nang mamuhay nang hindi natatakot sa bawat lalaking nakakasalamuha ko. Pero matapos ang dalawampung taon ng paglaban, nandito pa rin ako sa giyera na kung saan ang sarili kong anino na lang ang kinahaharap kong kalaban.

Tandang-tanda ko pa rin mula ngayon ang bawat detalye. Sa kung saan nagsimula at kung paano nagwakas. Kung hindi ba ako umuwi sa bahay ng gabing iyon... hindi ba ako magkakaganito?



Pauwi ako ng bahay galing sa eskwelahan, at nasa highway pa lang kaming magkakaibigan nuon. Naglakad lang kami hanggang sa makaabot na kami sa terminal ng mga jeep. Gabing-gabi na kami nakauwi dahil nag-practice pa kami ng isang group performance na ipe-perform sa klase kinabukasan. Gusto kasi namin na kaunti na lang ang mali namin para kinabukasan, kaya hindi na kami nag-aatubili sa pag-practice at kaunting finishing na lamang ang gagawin.

Habang naglalakad ay patawa-tawa kaming magkakaibigan sa kalsada. Malalakas humagalpak ang mga kasama ko kaya hindi ko rin mapigilang itago ang mukha ko. Nahihiya kasi ako sa mga taong nakakasalubong namin sa daan.

Mayroon kasing ipinakitang mga larawan si Nicole sa aming tatlo. Litrato iyon noong nagkaroon kami ng event at napili si Yazae na maging representative. Maganda naman ang pagkakakuha doon pero ayaw lang talagang makita ni Yaz iyon kaya inaasar siya kay Nicole.

"Binigyan ka pa nga ng crush mo ng bulaklak no'n 'di ba?" Pagpapaalala ni Nicole sabay humagalpak. Napa-facepalm na lang si Yazae dahil doon.

"Aish. Tigilan mo na nga 'yan!" gigil na sabi nito. "Akin na 'yang phone mo!"

Nicole stucked out her tongue. "Nye-nye. Kung maaabot mo."

Mas kumunot ang kilay ni Yazae dahil doon. Mas matangkad kasi sa kaniya si Nicole. Sa katunayan ay siya ang pinakamatangkad sa aming mga babae, at si Yazae ang pinakamaliit. At kung ipaaabot man ni Nicole 'yon kay Yazae, hindi talaga nito maaabot ang cellphone nito.

Patuloy lang kami sa pagkikipagkuwentuhan nang may tumawag sa cellphone ko. Wala na namang ibang tumatawag sa akin bukod sa tatay ko. Napabuntong-hininga ako nang makita ko nga ang pangalan niya sa screen. Ang masayang pakiramdam na nararamdaman ko bago ang pagtawag ay biglang nawala at kaagad na bumagsak ang mga balikat ko.

Naka-ilang ipon muna ako ng hinga bago ko ito sinagot nang tuluyan. "Hello po, pa?"

"Ang tagal-tagal mong sumagot! Nasaan ka na ba ha! Bilisan mo, umuwi ka na! Kahit kailan talaga, wala kang dulot..." bungad nito na kaagad ding nawala dahil pinatay niya na ang tawag.

Tila narinig yata ng mga kaibigan ko ang tawag kaya nanahimik sila. Hindi na sila gaanong umimik. Tumabi si Yazae kay Nicole at nagkaroon sila ng sarili nilang mundo habang si Limuel naman ay nag-aalalang tumingin sa akin kaya naman sinuklian ko siya ng isang pilit na ngiti.

Dumikit siya sa akin para bumulong. "Father mo ulit?"

"Oo, wala namang iba pang tatawag sa 'kin nang ganitong oras bukod sa kaniya," sagot ko nang pabulong din. Hindi ko alam kung anong point ng pagbulong namin dito pero nadala na rin ako. "Nakakainis! Akala mo naman masyado siyang maraming inambag sa amin e parang tamod lang naman niya ang bumuhay sa akin?"

Nagulat ako nang tinampal niya ang bibig ko. "Yang bibig mo talaga, hindi mapigil."



“Bakit? Totoo naman, ah!” sigaw ko. “Ni hindi nga siya naglilinis man lang ng kuwarto niya. Lahat pa iaasa sa akin? Tapos pag-uwi, ang sasabihin sa akin, naglolo lang ako sa eskuwelahan? Sinong matutuwa? Ang sasabihin pa sa akin, wala akong kuwenta?”

Nanahimik na lang siya. Alam niya na kapag ganitong usapin, madaling uminit ang ulo ko. Lalo na kapag nadadawit ang pangalan ng tatay kong lasinggero. Dahil ayokong makarinig ng kahit anong katiting na bagay tungkol sa kaniya.

Mula nang nagkamuwang ako sa mundo, kay mama lang ako naging komportable. Dahil madaling makasama si Mama at matiyaga, at kahit na nawawalan siya ng oras sa amin para magtrabaho, naintindihan ko iyon lalo na sa kalagayan namin ngayon. Kung tutuusin, katumbas na ni Mama ang mga single parent. ‘Di ko nga maintindihan kung bakit hanggang ngayon nananatili pa rin sila sa isang bubong ni Papa.

Taga-luto si Mama sa isang ospital sa Manila. Ewan ko lang kung saan dahil ayaw niyang sabihin sa akin.

Saka ko lang na-realize na tinabihan na pala ako nina Nicole at Yazae samantalang lumayo naman si Limuel.

“Hayaan mo na ‘yan, girl. Puregold tayo, tara? Libre ko,” ani ni Yazae sa akin.

Takang tumingin sa kaniya si Nicole. “Hoy, akala ko magpu-Puregold lang? Wala kang sinabing manlibre ka kanina!”

“Bakit? Kasama ka ba?” tugon nito.

Napatawa ako nang mahina sa kanila. Halatang hindi nila alam kung sa paanong paraan nila ako aamuhin ngayon kahit na palagi nila akong nakikitang nagkakaganito. Naalala ko tuloy noong nagkaroon kami ng isang small event sa school, hindi umattend si Limuel kasi ayaw niya sa mga gano’n. Tapos nagkaroon ako ng emotional breakdown because of the same reason for today, imbes na aluhin ako ay tinawagan pa nila si Limuel. Mas close kami no’n at mas kilala niya ako kaysa sa dalawa na nakilala lang namin nitong highschool na.

Sumalubong samin ang malamig na hangin nang nakarating na kami sa Puregold. Kaagad kaming dumiretso sa food court dahil iyon lang naman ang pupuntahan namin dito. Sa tuwing pumupunta kasi kami dito ay para lang magpalamig, at kung minsan, para na rin ubusin ang oras kung sakaling masyado pang maaga para umuwi.

Katulad nga ng sinabi ni Yazae ay nilibre niya kami. Tumanggi lang ang lalaki na kasama namin dahil hindi naman daw siya nagugutom. Dahil doon, siya na ang nagboluntaryong kumuha ng mga inorder naming tatlo. Wala pang labing limang minuto ay nakabalik na siya. Binigay niya sa akin ang isang Bavarian donut, at sa dalawa naman ang waffles, at siomai.

“Girl,” panimula ni Nicole. “May new set of make-ups doon sa Robinsons. Gusto ninyo puntahan natin this weekend?”

Tumanggi ako. Imposible rin namang payagan akong makalabas ngayon. Hindi rin naman ako papayagan. “Pass. Mag-iipon ako ngayon.”

“Ay, ano ba ‘yan. Ikaw, girl?” baling niya kay Yazae.

“Tigilan mo ako, ‘di ako mahilig sa make-up.”

“Ayaw mong i-try kahit once?”

Tinignan na lamang siya nito at alam niya na ang sagot. Nanahimik na lang siya habang naka-usli ang nguso na para bang nagtatampo.

Napatingin ako sa orasan. Tatumpung minuto na pala ang nakalilipas mula nuong tumawag ang tatay ko. Kailangan ko nang umalis.

Tumayo na ako para magpaalam. Alam na nila ang routine ko kapag ganitong mga oras dahil ako ang palaging nauuna sa pag-alis. Hindi ako puwedeng magpaabot ng sobrang gabi dahil paniguradong malilintikan na naman ako sa tatay ko kung sakali.

May narinig pa nga akong baka buntis na raw ako kasi gabing-gabi na ako umuuwi. Awit, sige nga, kuwentuhan niyo pa ako. Hindi na rin naman ako nagtataka sa mga ganitong chismis tungkol sa akin dahil araw-araw ay naririnig ko ang mga ito. Hindi ko naman kasalanan pa kung masipag akong mag-aral.

Hindi ko na namalayan pa at nakarating na pala ako sa harap ng aming tahanan. Ayaw ko munang pumasok dahil panigurado na lahat ng problema sa mundo ay muli ko na namang papasanin sa oras na magkita kami ng tatay ko. Lahat kasi ay iniaasa niya sa akin. At kahit na sandamakmak na ang nagawa kong tama ay ang pagkakamali ko lang ang napupuna niya.

Ininandal ko na lang muna ang noo ko sa pinto para sana makapagpahinga nang kaunti, nang bumukas ito at bumungad ang tatay ko. Sumubsob ako sa kaniyang dibdib dahil doon. “Tanga ka talaga! Pumasok ka na nga!”

Kinaladkad niya ako papasok. Mahigpit ang pagkakahawak niya sa aking braso, feeling ko tuloy ay anumang oras ay hihiwalay ito sa aking katawan.


“Hindi ba’t sinabi ko sa’yong umuwi ka na kanina?! Bakit ngayon ka lang?” sigaw nito na hindi ko sinagot. Sa gigil, sinunggab ng kaniyang palad ang aking panga. Iniipit ng dalawang daliri ang magkabila kong pisngi. Nang dahil sa kaniyang ginawa ay nahirapan na akong huminga. “Sumagot ka!”

Tanga ka ba? Paano ako sasagot gayong sinasaktan mo ako? Kahit na masakit ay pinilit ko pa ring sumagot. Kaya lang ay dahil sa kaniyang pananakit, ang lahat ng sinasabi ko ay hindi niya maintindihan.

Binitawan na niya ako. Akala ko ay aalis na siya nang tumalikod siya ngunit ano pa ba ang aasahan ko sa isang mainitin ang ulo? Sinampal niya ako. Lumagutok sa mukha ko ang palad niya. Hindi na rin ako magtataka kung babakat sa mukha ko ang kamay niya.

“Wala ka talagang kwenta, ‘no?” Naglakad siya papalabas ng bahay, may dala-dalang tatlong bote ng Gin. Pupunta na naman siguro sa mga kapitbahay naming katulad niya—mga lasinggero at walang kuwenta.

Pinalibot ko ang aking paningin sa bahay, kaagad na nangati ang pakiramdam ko dahil sa sobrang dumi nito. Ilang oras lang ang lumipas at nagkalat na ang mga basura sa sahig. Mayroon ding mga bote ng alak na nagkalat. At maski ang mga pinggan ay hindi pa nahugasan. Nangangamoy na rin ang bahay dahil wala man lang naiyos na basura kahit isa.



Tapos, ako ang sasabihan niya na walang kuwenta?

Pagkatapos kong makapagpalit ng damit ay nagsimula na akong maglinis. Nakakairita ang bawat dumi kaya hindi ko napigilang bumahing nang bumahing. Idagdag mo pa na makakapal ang alikabok sa ibang parte ng bahay.

Maliit na nga lang ang bahay pero hindi pa niya magawang linisan man lang. Talagang hinintay niya pa ako para makapaglinis.

Nang na-satisfy na ako sa kalinisan ay umupo muna ako sa sofa upang magpahinga. Nanakit na rin kasi ang katawan ko mula sa pinaghalong pagod sa paglilinis at pag-pa-practice kanina. Wala na naman akong ibang gagawin kaya puwede na akong magpahinga. Kinuha ko ang cellphone ko at saka binuksan ang Messenger. Bumungad sa akin ang sandamakmak na mga mensahe nila. Hindi ko tuloy mapigilang tumawa dahil wala pang isang araw ang lumilipas ay sunod-sunod na ang mga pinag-usapan nila. Akala mo tuloy ay ilang araw na hindi nagkita.

Habang patuloy na nagba-backread, nabasa ko ang chat ni Yaz at hindi ko tuloy mapigilang malungkot dahil hindi na pala kami makakapagkita sa mga susunod na mga araw.

Yazae:

Hala, girl!

Sally:

Bakit?

Yazae:

Hindi na tayo pwedeng lumabas. Wala nang klase ta's naaalala niyo pa 'yung sakit noong 2019? Kumalat na! Kaya stay safe!

Nagsend ng link si Yazae mula sa isang mapagkakatiwalaang tagapagbalita. Cavite is under Enhanced Community Quarantine due to the increasing number of infected patients.

"Yan. Diyan. Diyan ka magaling," sambit ng isang taong nasa likod ko.

"Parang kanina lang, 'di mo sila kasama, a?"

Naamoy ko ang tapang ng alak, at nakita ko ang puting usok ng kaniyang sigarilyo.

Napawi ang aking ngiti. "Mas gusto ko pa po silang kasama kaysa sa inyo." I rolled my eyes.

"Oh. Lumakas loob mong hayop ka? 'Yan nagagawa ng pakikipagtropo sa kanila! Bad influence!" Namungay na ang mga mata nito at papikit-pikit. "Siya nga pala... Natalo ako sa pustahan. Sayang! Gago kasi si Pepong!"

"Ha?! Natalo ka?"

"Oo. Bakit? Wag mo nga akong sigawan!"

"Pa! Bawal tayong lumabas! Ano na lang kakainin natin?"

"E 'di manghingi sa kapitbahay!"

Tangina mo! Wala ka talagang kwenta! Imbes na makipagtalo na lang sa kaniya, I checked our kitchen para masiguro ang makakain sa buong linggo. Mabuti na lang at mayroon pang mga gulay, karne, at iba pang sangkap na pwedeng lutuin sa susunod.

Lang buwan na ang lumipas at kakaunti na lang din ang mga rekados na natira sa amin. Hindi pa rin nagbago ang mga patakaran: bawal pa rin lumabas. Kaya wala kaming magawa kung hindi maghintay na lamang ng ibibigay na ayuda ng baranggay. Pero dalawang linggo na ang nakalilipas mula nung huli nilang padala. Mauubos na rin ang inipon ko para sa mga personal na bagay. Mayroon pa naman akong ibang inipon pero ayaw kong galawin iyon dahil ipinangako ko sa sarili ko na gagamitin ko iyon para sa mga pangarap ko. Mahirap na at baka makita ni papa, magasta pa sa alak.

Wala pa akong natatanggap na maayos na balita mula kay mama. Sa tuwing magtanong ako sa kaniya ay palagi niyang sinasagot na okay lang siya. Hindi ako gaanong sigurado sa sagot niya pero sana nga ay ayos lang siya. Hindi ko alam kung ano-ano ang mga pinagkakaabalahan niya nuon sa tuwing libre ang oras niya. Inisip ko na sana naman ay nakatutulong pa rin siya nang maayos at hindi niya gaanong pinapagod ang katawan niya. Sana hindi siya mahawa ng sakit. Mahirap na.

Hindi ko mapigilang humatsing habang nagbibilang ng perang ipon ko. Kanina pa rin nangangati ang ilong ko dahil sa pabadya-badyang sipon, hindi ko tuloy maiwasang mangamba na baka nahawa ako ng sakit. Pero sana trangkaso lang ito o kaya simpleng sipon lang.

Madilim na ang paligid kaya may lakas ako ng loob magbilang ng pera ko. Siniguro ko muna kasi na tulog na ang tatay ko bago ko gawin ito kasi kung hindi ay tuluyan nang mauubos ang natitirang kwarta ko.

“Five hundred six... Five hundred seven... Five hundred eight...” pagbibilang ko habang maingat na inilapag ang bawat piso sa tig-sampungng tore ng barya nang napatalon ako dahil sa gulat.

“Akala ko ba wala na tayong pera?” Dumiretso ang tingin ko sa pintuang nakausli kung saan nakatayo ang tatay ko. Seryoso ang mga mata nito at halatang nagbabadya ang galit. Galit na hindi ko alam kung ano ang dahilan.

“P-Po? Pera k-ko po kasi ito, inipon ko pa po para sa ano, uh, sa c-college...” Galit ba siya? Pera ko naman ‘to, anong kinakagalit niya?

“College?” Nanunuya ang tono niya habang lumalakad palapit sa akin. Hindi ako makagalaw at hindi rin maka-usod nang kahit kaunti dahil nasa sulok na ako ng kuwarto. Nagsisi tuloy ako na dito ako nagbilang. “Akala ko ba hindi ka magka-college? Iyon ang pinag-usapan ninyo ng nanay mo, kaya anong college pinagsasabi mo?” Tuluyan nang kumapal ang tinig niya at hudyat na iyon na nagagalit siya.

“Pa, nagbago po isip ko...” Huminto ako nang ilang minuto para mag-isip ng idadahilan. Wala pa naman kasi sa plano ko ang kolehiyo dahil mas gusto kong matulungan muna si mama sa pagtatrabaho. “Habang may pandemic po k-kasi napag-isip-isip ko na mas maganda pong may t-trabaho.”

Nasa sahi ang tingin ko dahil hindi ko siya magawang tignan sa mata. Hindi ako marunong maging consistent sa mga ganitong eksena kaya ganoon na lamang ang gulat ko nang sinunggab ng palad niya ang baba ko. Nanunuot ang sakit doon dahil direkta sa buto ang natamaan niya.

Nanlalaki ang mga mata niya at nanginginig ang mga kamay. Pero kahit na ganoon ay mahigpit pa rin ang pagkakapit sa panga ko. “Hindi ka magkokolehiyo. Inilalayo mo lang ako sa alak at sigarilyo na gusto ko.” Mariin ang pagkakasabi niya sa bawat salita.

“Alam mo ba kung gaano kahirap hindi uminom? Para akong nababalih.” Pagkatapos noon ay bigla siyang tumawa nang pagkalakas. Hindi ko mapigilang magalit at matakot. Nakakagalit. Alak at sigarilyo lang ba ang mahalaga sa kaniya?

Habang nagtatagal ay pahigpit nang pahigpit ang hapit. Hindi ko na mapigilang umiyak, ilang eses kong tinawag ang pangalan niya pero tila yata ay nabubulag ang mata niya sa galit. Hindi ko maintindihan ang reaksiyon niya.

“Pa! Maawa ka! Pa!” Habang isinisigaw ko iyon ay pilit niya akong itinayo nang hawak pa rin ang panga ko. Mas naipit ang pisngi ko at mas humapdi ang nararamdaman ko. “Pa!”

Tumama sa pader ang buong katawan ko nang inihagis niya ako sa kama. Dumausdos paupo ang katawan ko sa katre pero itinulak kaagad niya ako pahiga. Nagkumawag ako nang nagkumawag. Paulit-ulit ko siyang itinulak pero sa bawat tulak ko ay sampal ang natatamo ko sa kaniya. Muli niyang hinawakan ang panga ko nang mariin at ipinilit na patingalain ako para magkaroon siya ng kalayaan na halikan ang leeg ko.

Nanghihina ako. Wala akong ibang magawa kung hindi maiyak. Hindi ako makasigaw dahil para bang naubos ang tinig ko. Pagsipa na lang ang nagagawa ko sa mga oras na ito pero pahina ito nang pahina hanggang sa sumuko na ang katawan kong pumalag.

Sa pinakamahinang boses ay nagsalita ako. “Pa... Maawa ka... Pa, anak mo ako.”

Subalit wala akong natanggap na sagot o kahit pagpigil. Patuloy lang ako sa paghikbi habang nararamdaman ang malalasa niyang labi sa katawan ko. Hanggang sa mailabas niya ang gusto niyang ilabas sa kaibuturan ko.

Hindi ko mapigilang basagin at itapon ang lahat nang nahagip ng kamay ko. Nagmistula na akong baliw sa postura ko. Magulo ang buhok, hindi nakatayo nang maayos, at basang basa ang mukha ng pawis at luha.

May narinig akong sumigaw pero hindi ko alam kung ano ang kaniyang sinasabi. Ang tanging alam ko lang ay nararamdaman ko ulit ang haplos niya sa aking katawan. Kung paano niya ako ibalibag, kung paano niya ako saktan, at kung paano niya ako pagsamantalahan.

“Tama na, please! Tama na! Tigilan niyo na ako! Maawa kayo!” Lahat ng alaalang kinalaban ko ay muli akong binibisita. Ilang taon ko silang kinalaban. Ilang taon bago ako maglakas-loob lumaban pero bakit hanggang ngayon ang sakit-sakit pa rin? Narito pa rin sa akin ang pakiramdam na nagpapakuwestyon sa aking halaga bilang isang babae.

Masyado ba akong mababaw para maranasan ito? Hindi ba ako mahalaga? Wala ba akong kuwenta?


“Hindi ko na alam!” Itinago ko ang ulo ko sa nakayuping mga tuhod. “... ‘di ko na alam ang gagawin ko. Pakiusap. Tulungan ninyo ako...”

Nagising ako dahil sa malamig na bagay na dumadampi sa mukha ko. Marahan kong iminulat ang aking mga mata at bumungad sa akin ang nag-aalalang mukha ni Loise.

“A-Ate, nakita po kita kanina sa salas, walang malay at pawis na pawis,” aniya. Napansin ko na binago niya rin ang pagtawag sa akin, sa tingin ko ay mas komportable siya roon.

Naalala ko na naman iyon. Napapikit ako nang mariin habang kinakalma ang sarili. Ano na naman ba ito, Sally?

Narinig ko ang boses in Doc Lara. “Gising na siya?” tanong niya na sa tingin ko ay para kay Loise.



“Sally, drink this chamomile tea, it’s good for calming your nerves.” Narinig ko ang tunog ng paglapag ng tasa sa side table ng kama ko. “And then, after that, we’ll hold another session.”

Doc Lara is my psychiatrist for 15 years. She’s a really good doctor and napaka-caring niya pa sa mga patients niya. Actually, siya ang unang lumapit sa akin to check on me. At first, I refused kasi wala pa kaming pambayad sa mga ganoon pero pinilit niya ako. She negotiated na kapag successful ang sessions at naging maayos ang pamumuhay ko ay saka niya na ako pagbabayaran. She also added na money is not important for her because of her social status. What’s more important is to make myself feel alive again. No wonder why I survived another 15 years of struggle.

Ininom ko ang tsaa at sinunod ang utos niya. Pinuntahan ko siya sa balcony na kung saan kami palaging nag-uusap kapag nagkakaroon ako ng mga problema. Nabanggit din pala ni Loise na saktong natataranta siya nang dumating si Doc.

“Your trauma attacked you again,” panimula niya. “I am fond of these kinds of struggles. Pero the thing with you today, was much stronger than before, right?”

Tumango ako at naupo sa upuang nasa harap niya. Hinawakan ko ang kaniyang kamay na nakatiklop sa ibabaw ng mesa. “Doc, ano po ba ang gagawin ko? Willing ho akong gawin ‘yung mga sessions na ginawa natin 15 years ago. Please po, ayaw ko na pong bumalik sa dati.”

“Since the attack was stronger than before, the sessions we’ve done before will not be able to help you this time.” Ininom niya ang kapeng nasa harap niya. “I know for myself that I am an effective psychiatrist, but seeing your state earlier, I ended up with this decision. But then, baka maka-experience ka nang mas mahirap kaysa noon? Are you still up for it?”

Kaagad akong sumang-ayon. Sa kahit anong paraan, handa akong gawin basta hindi lang ako bumalik sa dati.

Doc Lara instructed me on where and when to meet the recommended session with an unknown person. Sabi niya ay mas maiging hindi ko raw muna malaman ang pangalan para hindi ako magduda sa kakayahang no’n.

Nang dumating ang itinakdang oras ay kaagad kong sinunod ang sinabi niya. Nakapagtataka lang na sa isang hospital room ang location around Manila ang ipinadala sa aking address. Sabi niya huwag na raw akong magtanong kase baka bigla pa akong umatras.

Isa pa sa ipinagtataka ko ay ang isa niya pang sinabi.

“I already arranged your session for today. The session of forgiveness.”

Session of forgiveness? Tuturuan ba ako ng referred doctor niya kung paano magpatawad? Napatawa na lang ako sa kaniyang ideya.

Nagtanong-tanong ako sa mga nars na nakakasalubong ko kung saan matatagpuan ang hospital room na iyon. Nang makarating, kumatok ako nang tatlong beses kaya lang walang sumagot kaya napagpasyahan ko nang buksan iyon. Wala akong nadatnan na doktor bukod sa isang pasyente na nakahiga sa hospital bed.

Nilapitan ko siya para sana magtanong. Kaya lang naisip ko, ano ang itatanong ko? Kung gayong hindi ibinigay sa akin ni Doc Lara ang pangalan niya.

Wala akong ibang pagkakaabalahan kaya kakausapin ko na lang ang pasyente nang bigla itong magsalita.

Po?

"May kilala ka bang Sally? Sally de Guzman? Baka kilala mo anak ko, may gusto lang akong sabihin sa kaniya. Ang laki-laki ng kasalanan ko do'n. Kaya kung kilala mo, baka puwedeng ipakiusap mo siya sa akin." Nanginginig ang boses niya habang pinapakiusapan ako, at punong-puno ng pag-asa ang mga mata niya.

Para akong binuhusan ng tubig sa narinig ko. Nanghina ang tuhod ko at kinailangan ko pa ng pangsuporta. Saka ko lang napansin ang tag na nakakabit sa kama nito.

Samuel de Guzman.

"Kilala mo si Sally?" Hinawakan niya ako sa balikat. "Pakausap naman ako. Gusto ko lang mag-sorry sa kasalanan ko. Sa lahat-lahat. Pasabi handa kamo akong mabulok sa impyerno pero sana makita ko muna siya bago ako mapunta doon. Gusto kong humingi ng tawad sa kaniya sa personal. Pakausap ako, please?"

Nanubig na ang mga mata ko at handa na sanang umalis sa kuwarto dahil hindi ko alam ang dapat kong gawin. Matapos ang ilang taon, makikita ko lang siya ulit. Pero biglang sumagi sa utak ko ang sinabi ni Doc sa akin.

"In order to revive, ask him all you want."

Napapikit ako. Hindi ko na mapigilan ang mga luhang dumaloy sa mukha ko. Palihim akong humikbi habang naririnig ang boses ng ama ko na nagmamakaawang makita ako ulit.

"Si Sally, neng, baka kilala mo siya? Papuntahin mo naman. O kaya patawag na lang. Sigurado ako na nandiriri sa akin iyon pero gusto ko lang siyang makausap nang kahit ilang segundo. Hihingi lang ako ng sorry."

Hindi ako makaharap sa kaniya habang lumalakas ang pagdaloy ng luha ko. Hindi ko kayang makita siyang ganito.

"Neng, ikaw ba 'yung kaibigan niya? May tiwala naman ako sa'yo, pasabi na lang na sorry kamo at nagawa ko 'yon. W-wala ako sa sarili ko at natauhan na lang ako kinabukasan. Hindi ko alam kung paano ka haharapin kaya pinili ko na lang maging gago. Alam kong ginugut mo ang sarili mo para lang hindi ako makita man lang. Anak, I'm sorry..."

Ang sakit-sakit at sobrang bigat sa pakiramdam habang naririnig ang boses niya. Naramdaman ko ang pagsisisi at lubos na pagkadesperado na makita ako ulit.

"... sa lahat-lahat. Pasensya na kung hindi kita natutukan. Hindi kita napanood lumaki. Pasensya na kung pasa at sama ng loob ang naipamana ko sa iyo. Paulit-ulit akong nagsisisi kasi sinayang ko ang buong buhay ko na hindi makita kung gaano ako kagago."

"P-Pa..." Hindi na ako nakatiis at humarap ako sa kaniya. "Pa, naman kasi, bakit mo 'yun ginawa? Hindi ko maintindihan. Sarili mo akong anak pero binaboy mo ako. Diring-diri ako sa sarili ko hanggang ngayon at nahihirapan pa rin akong buuin ang pagkatao ko. Kasi sa bawat araw, pakiramdam ko kulang ako."



Hinawakan niya ang kamay ko at itinatapat sa kaniyang mukha. Paminsan-minsang hinahalikan nang may buong ingat. Saka ko lang napansin ang peklat sa mukha niya na sa tingin ko ay galing sa pananakit ni Mama nang nalaman niya. “I’m sorry. I’m sorry,” paulit-ulit na bulong niya.

“Pa, nakulong ka matapos ang sampung taon pero hindi sa kasong isinampa namin. Dahil sabi sa korte, wala raw pruwera na ginahasa mo ako. Kasi hindi pa ba sapat ang alaala at mga pasa sa katawan ko noong araw na iyon? Kailangan ko pa bang ipakita kung paano mo iyon ginawa? Hindi ko pa rin maintindihan ang naging kaso natin noon kaya sabi ko sa sarili ko, sa oras na kaya ko nang tumayo, ipagtatanggol ko ang lahat ng karapatang pambabae...”

Bumubulong pa rin siya ng sorry pero hindi ito ang pinaka-iniisip ko ngayon.

Lumipat kami ng bahay nila Mama, malayong-malayo sa pinanggalingan namin. Maraming kamag-anak ang tinuluyan namin bago kami nakahanap ng mas maayos at mas personal na matitirhan.

“Nagtagumpay ako doon, pa. Pero kahit ilang kaso pa ang maipanalò ko, ‘yung sakit at alaala na bumabalik sa tuwing mayroon akong nahahawakang ganoong kaso, ang nagpapabalik sa dating ako. Nahihirapan pa rin akong tumayo, pa. Lahat ng bigat, dala ko pa rin. Kasi biruin mo, limang taon akong tumigil sa pag-aaral tapos nilayuan pa ako ng mga tao kasi biktima ako. Sabi nila, baka kapag lumapit sila sa akin, ma-gano’n din sila. Nakatatawa ‘no?”

Wala akong naging kasama sa pag-aaral. Dahil nauna na ang mga kaibigan ko at wala rin naman akong bago na nakilala.

“Namatay si mama dahil sa sakit, kasabay nang pagbalik ko sa pag-aaral. Gusto kong tumigil para magtrabaho at tulungan siya pero mas gusto niya na mag-aral ako, kaya ginawa ko lahat ng makakaya ko. Sabi niya rin kasi, ‘pag nakapagtapos ako, siguradong gagaling siya. Kaya bigay-todo ako. Pero alam mo? Bago pa ako makapagtapos, nauna na si mama.”


Naalala ko ‘yung graduation day. Lahat ng mga kasama ko, ngiting-ngiti. Pero ako, para akong pinagsakluban ng langit at lupa. Sila, kasama ang mga magulang nila sa pag-akyat. Samantalang ako, kasama ko ang isang teacher sa pagkuha ng medalya.

“Pa, dumoble ‘yung sakit. Siya kasi ang bumuhay sa akin. Siya ang nagtanggol. Siya ang nagtaguyod sa mga panahong ginagago mo kami. Kung hindi lang siguro may nagmagandang loob na tulungan ako, baka maski ako, kasama na ni mama.”

Hinigpitan ko ang kamay ko na hawak niya at saka naupo sa sahig. Tinakpan ko ang mga mata ko dahil nananakit na rin ito sa walang katapusang pag-iyak.


“I’m sorry, anak. I’m sorry.”





This is a miniature masterpiece made by my 13 year old sister during the quarantine. She managed to create a well-detailed work-of-art out of pieces of scratch and junk. Way to go, future architect!

-Jenishia Romano



Best Photo
YPinQ 2020 Photo Challenge with
the theme "Women and Girls in
Quarantine," by Jenishia Romano

Want your work featured in the next YPinQ? Be a YPinQ Contributor!

Join young creatives and get published in the next YPinQ!

Email your contributions at youngpeople@wgnrr.org!

Aside from a feature of your creative writeups and visual arts related to young people's sexual and reproductive health and rights, you will also be invited in future YPinQ workshops with creative experts.



Artwork by Bryan Sison



COVID 19 outbreak taught me a lot of lessons. I realized the value of each piece of things I could see and reflect on myself. I have also discovered my creative skills in making extraordinary arts that makes me believe that I can always do the things I really wanted if I explore outside the box. This is how I express and appreciate beauty that symbolizes who I am as a person and the dedication to those who continue to believe in me as well as my inspiration to live my life to the fullest.

-Nicole Hernandez



Sexual and Reproductive Health Services Directory

compiled with the help of Amarela PH

WOMEN'S
HEALTH ADVICE
AND
CONSULTATION

SEXUAL
HEALTH ADVICE
AND
INFORMATION

Hotline, Company


Telimed Management Inc. and Medgate

Leading provider of telemedicine, which is a way for professionals to help those in remote areas

Free Hotline for Metro Manila

GCO Advisory: Request for callback via SMS or Facebook Messenger

 info@medgatephilippines.com

 (02) 8424 1724

To request for callback via SMS, text the following: <Full Name>, <REASON FOR CONSULTATION>, & <CONTACT #> to any of the following numbers:

MNL: (02) 8705 0700

Cebu: (032) 265 5111

Davao: (082) 285 5111

Dumaguete: (035) 522 5111

Globe: 0917 536 2156

Smart: 0998 990 7540

Sun: 0925 715 7794

 Legazpi Village, Makati City,
1200 Metro Manila

WOMEN'S
HEALTH ADVICE
AND
CONSULTATION

SEXUAL
HEALTH ADVICE
AND
INFORMATION

Clinic

Women's Clinic Pilipinas

Facility which provides information & services regarding reproductive health

Open 24/7



usaptayo@womensclinic.ph



(02) 425 9951

(0915) 307 5464



1192 Carsadang Bago II, Imus City, Cavite



About Amarela

Amarela Philippines is a sector-based, non-profit, and non-government organization that aims to target the inequality that people face in terms of accessing reproductive health in the Philippines. The organization is committed to vying for sexual and reproductive healthcare and, as an extension, women empowerment and gender inclusivity. Amarela also fights for anti-sexual harassment and against gender-based violence.

You can support Amarela Philippines through their social media platforms and keeping up to date with the events and projects that we have in store! Amarela is also launching their fundraiser events, any kind of donation, whether it be monetary or in-kind is highly appreciated. Despite the many boundaries and new challenges we face as advocates, Amarela Philippines stays strong and proud to still continue its mission and vision with you on board!

Facebook: facebook.com/amarelaphilippines

Twitter: twitter.com/amarelahp/

Instagram: instagram.com/amarela.ph/

Email: amarelahp@gmail.com

WOMEN'S
HEALTH ADVICE
AND
CONSULTATION

INFORMATION
ON SEX AND
CONTRACEPTIVES

Wellness Website, Pharmacy

DIMA PH

Reproductive health service registered by FDA that sells reproductive health products, provides physician consultation & allows patients to request prescriptions

Free Consultation

Delivery Fee

Metro Manila - Php 100

Antipolo and Rizal - Php 120



support@dima.ph

<https://www.dima.ph>

SEXUAL
HEALTH ADVICE
AND
INFORMATION

Health Service, Nonprofit Organization

Roots of Health

Provides education & clinical services in Palawan in regard to Reproductive Health

Open 8am to 5pm



(048) 433 9527



4/F Karldale Building, Puerto Princesa North Road, Barangay San Pedro, Puerto Princesa, 5300 Palawan

SEXUAL
HEALTH ADVICE
AND
INFORMATION

Website, Support Service

UNFPA's RH Initiative

Website that has information for Family Planning, Maternal Health, Gender-Based Violence, HIV & STI, and Young People



FB Messenger:
<https://m.me/rhcareinfo>

Instagram: <https://instagram.com/rhcareinfo/>

Twitter: <https://www.twitter.com/rhcareinfo>

<https://rh-care.info>

REFERRALS
FOR
HEALTHCARE
SERVICES

Health Service, Nonprofit Organization

Likhaan Center for Women

Non-profit NGO which responds to women who need reproductive & sexual health services

Open 9am to 5pm



office@likhaan.org



(02) 926 6230



Elegant, Project 8, Quezon City, Metro Manila

SEXUAL
ASSAULT AND
HARASSMENT
ASSISTANCE

Support Service

Maya's Organization Philippines

Offers religious support for victims with counselors, psychologists, and missionaries for people in Davao

Free Hotline for Metro Manila

GCQ Advisory: Request for callback via SMS or Facebook Messenger



mayasorgdavao@gmail.com
info@mayasorganisationphilippines.org



UK Mobile: 07538688983
PH Landline: 006382 2215557
PH Mobile: 09631115935(Smart) /
0966752253(Globe)



Maya's Organization Philippines, Inc. Head Office
Door 2, 2nd Floor Cion Building Sampaguita Street,
Mintal Davao City Philippines

REFERRALS
FOR
HEALTHCARE
SERVICES

Clinic

Accura Women's Care

OBGYN Clinic & Ultrasound in Quezon City

Mon, Wed to Sat: 8:30am to 12pm
Tues: 8:30am to 5pm



(02) 8925 6228
0917 530 0577



Citi Plaza 2, Commercial Complex, Tandang Sora
Avenue, Quezon City, 1107 Metro Manila

ASSISTANCE
FOR SURVIVORS
OF SEXUAL
VIOLENCE

Protective Service

Cameleon Association Inc. Philippines

Recognized NGO, accredited by DSWD & registered with the
Securities and Exchange Commission (SEC) that supports and
protects victims of sexual abuse



chameleon_phils@yahoo.com



(033) 311 5575



Cochingyan & Partners Law Offices, Corporate
Center, Makati, Metro Manila

REFERRALS
FOR
HEALTHCARE
SERVICES

Consultation Service

Lunas Collective

Chat service on Messenger that supports survivors of gender-
based violence, violence against women or people concerned
with family planning

Mon to Sat: 1pm to 4pm

<https://www.facebook.com/LunasCollective>
<https://m.me/LunasCollective>

ASSISTANCE
FOR
VICTIMS OF
ABUSE

Protective Service

e-Report sa Gender Ombud

Online portal where victims & witnesses/bystanders can
report gender-based violence during COVID19 and
quarantine, and access contact information for different
hotlines

<https://www.gbvccovid.report/landing/report>

REFERRALS
FOR
HEALTHCARE
SERVICES

Hotline, Nonprofit Organization

**youRHotline Family Planning Organization of
the Philippines**

Hotline service for sexual and reproductive health concerns

Free Hotline for Metro Manila

GCQ Advisory: Request for callback via SMS or Facebook
Messenger



yourhotline@fpop1969.org



Violence prevention: 09665095268
Family planning, sexual and reproductive health:
09969888826, 09186731111
Post-abortion care: 09186734444

<https://www.facebook.com/youRHotline.ph>
<http://www.fpop1969.org/>

ADOLESCENT
HEALTH
SERVICES

Telehealth consultation, Adolescent Medicine Clinic

UP-PGH Division of Adolescent Medicine

Consultation service for adolescent health concerns
of adolescents age 13 to 18yo.

Mon to Fri: 8am to 12pm



UP-PGH Bayanihan hotline: 155-200

<https://www.facebook.com/PGHAdolescentMedicine>
pghopd.up.edu.ph

Editorial and Publication Team

Editors

Christelyn Sibugon
Danica Shahana Magtubo
Shiphrah Gold Belonguel

Layout Team

Vonna Vista
Aimee Jill Fernando

Design and Artwork

Cromwell Cruz
Odessa Julienne Rebaya
Sed Belonguel
Aubrey Jane Balbuena
Kathleen Isaac
Mohammad Khalil Baganian
Daryl Padera
Roemjedrick Andaya
Ma. Lian Cambel

Guest Editors and Writeshop Mentors

Renier Louie Bona
Roemina Deocareza



Contributors

Commission on Human Rights
Filipino Freethinkers
Amarela PH
Aira Lee Panoy
Billy Joe Peralta
Nicole Hernandez
Jenishia Romano
Ramon Carlos Garcia
Cristina Maniago
Clarisse Jane Javier
Hanna Grace Landrito
Dharlene Grefiel
Veronica Camarao
Shane Narcelle Quidor
Angelo Pagulayan
Dhenilie Cadayona
Berzy Flor Cerdon
Bryan Sison

The Young People in Quarantine (YPinQ) was first organized during the May 28 International Day of Action for Women's Health Campaign in 2020 to engage young people in mobilizing wider support for women and girls' health in the midst of the COVID-19 pandemic and lockdown restrictions. The Women's Global Network for Reproductive Rights (WGNRR) and Young Advocates for SRHR (YAS) launched YPinQ to emphasize that #WomensHealthMatters and #SRHRisEssential in responding to COVID-19, and that it is important to examine the experiences of young people of the pandemic.

Connect with us!

Front and back cover
artwork by **Cramwell Cruz**

Young Advocates for SRHR
Facebook: [facebook.com/youngadvocatesforsrhr](https://www.facebook.com/youngadvocatesforsrhr)
Twitter: twitter.com/YAS2SRHR
Instagram: [instagram.com/yas2srhr](https://www.instagram.com/yas2srhr)

Women's Global Network for Reproductive Rights
Facebook: [facebook.com/WGNRR](https://www.facebook.com/WGNRR)
Twitter: twitter.com/WGNRR
Website: www.wgnrr.org

